# LOVE CHILD

SYNOPSIS

Kailangang pagkasunduan nina PAO at AILA ang tamang pag-aalaga sa kanilang anak na na-diagnose na may Autism Spectrum Disorder (ASD) kung nais nilang panatiliin ang kanilang relasyon. O baka mas gugustuhin nilang magkanyakanya na lang para makamtan ang kanilang mga sariling pangarap?

Isang magaling na estudyante si Aila, cum laude candidate at magiging abogada pagkatapos mag-college. Si Pao naman, ay isang premyadong film student, naging Best Director sa isang regional film festival na sinalihan niya. Ang problema, nabuntis ni Pao si Aila, bago sila makagraduate. Nagalit ang mama ni Aila at tinangkang ipalaglag ang bata kasi masisisira raw ang kinabukasan ng anak niya. Ayaw naman ni Aila. Sa halip ay nagtanan sila ni Pao, na hindi alam na pagkatapos ng apat na taon ay mada-diagnose ang anak nila na may Autism Spectrum Disorder (ASD). Dismayado silang dalawa. Si Aila, nagdalawang isip kung itutuloy pa niya ang pag-aaral niya. Si Pao naman ay nagpupumilit pa rin na kaya niyang tostosan ang pangangailangan ng pamilya niya. Ngunit nang dumating ang mga bayarin sa therapy ni Nonoy at nang maospital minsan ang bata, lalabas ang katotohanan na hindi niya kaya. Sa kabila nito, susubukan pa rin nilang magsama at harapin ang hamon na dulot ng kalagayan ng kanilang anak, kakulangan sa buhay, at ng kanilang mga nakabinbing pangarap.

INT. DIAGNOSTIC ROOM - DAY

POV SHOT. Mula sa itaas ng screen, dadaloy ang natapong tubig sa ibabaw ng malinis na mesa. Agad maririnig ang boses ng ilang tao na mukhang nabigla sa pagkatapon ng tubig. Hiligaynon ang pangunahing medyum ng dialogue.

FEMALE VOICE 1

(o.s.)

Eh, bakit mo ibinigay? Alam mo namang...

MALE VOICE

(o.s.)

Hindi ko binigay, inagaw niya sa akin.

FEMALE VOICE 1

(o.s.)

Sorry, dok. Hindi po sinasadya...

FEMALE VOICE 2

(o.s.)

Okay lang, no problem.

Habang naririnig ang usapan, papasok sa screen ang isang kamay ng bata na may hawak na toy block at biglang ihahampas nito ang laruan sa basang mesa.

Magpapanic ang boses ng babae at biglang may dadampot sa kamay ng bata.

Susundan ng POV SHOT ang dumampot na kamay na ilalapit sa mukha ng may ari, at lalantad ang mukha ni AILA, 25 y.o., morena, nakatali ang mahaba at maayos niyang buhok. Maganda siya, kahit wala siyang makeup. Simple ang kanyang pananamit.

Malumanay niyang hahawakan ang kamay ng bata habang kinakausap niya ito.

AILA

Baby, huwag muna okay?

Mamaya na, please?

Sa likod ni AILA, makikita rin si PAO, 25 y.o., moreno, may kahabaan

ang magulong buhok at simple ang pananamit. May dala-dala siyang backpack na pambata at dali-dali niyang tinatakpan ang mumurahing aqua flask na marahil ay siyang pinanggalingan ng natapong tubig.

Madadaanan din ng POV SHOT ang isa pang taong nakaputing jacket pero hindi ito mamumukhaan dahil mabilis na babalik ang shot sa toy block na hahawakan uli ng bata. Kikilatisin ng bata ang block.

Pagkalipas ng ilang saglit, lilipat nanaman ang shot sa isang salamin at lalantad ang mukha ng bata.

Pag-aari   pala ni NONOY, 4 y.o., ang mga batang kamay na naglalaro ng toy block. Mapapansin niya ang kanyang sarili sa salamin at mapapatigil siya. Ilalapit niya ang kanyang mga daliri sa kanyang mata at gagalawin niya ito ng mabilis. Sa likod niya ay makikita ang nag-uusap na mga matatanda, ang kanyang mga magulang at ang nakaputing jacket na si Dr. TALA, 50 y.o.

DR. TALA

Doon tayo sa office mag-usap.

Sesenyas si Dr. TALA at papasok ang kanyang assistant para bantayan ang bata. Lalabas ang doktor kasama sina PAO at AILA.

INT. DOCTOR'S OFFICE- DAY

DR. TALA

May Autism Spectrum Disorder
ang anak ninyo.

Parang binuhusan ng malamig na tubig sina Pao at Aila. Hindi nila alam kung ano ang dapat sabihin sa pagkakataong ito, o ano ba ang nararapat nilang itanong tungkol sa kalagayan ng kanilang anak. Pipiliin na lang nila ang manahimik at hintayin ang karagdagang pasabog ng doktor.

DR. TALA (CONT'D)

Four years old na si NONOY,
pero mga 6 - 9 month old pa lang
ang kanyang mental capability.
Parang ngayon pa lang niya na
rerecognize ang sarili niya, at
kayo rin bilang mga magulang
niya. Nag-uumpisa pa lang
siyang mag-explore ng kanyang
paligid.

Hahanapin ng kamay ni Aila ang kamay ni Pao. Tutugunan ito ng lalaki ng isang mahigpit na paghawak.

DR. TALA (CONT'D)

May ilang difficulty siyang nararanasan related sa kanyang fine at gross motor skills, pero may mga early intervention strategies tayo para diyan. Maari pa nating maimprove yan, pati ang mental capability niya.

PAO

Kakayanin po ba ng iniinom na gamot ang kalagayan niya, dok? O may operasyon bang kakailanganin?

DR. TALA

No. Walang kakailanganing operasyon. Wala rin akong irerekomendang gamot kasi

walang gamot ang autism. Ang autism ay isang kakaibang development sa pangangatawan ng tao na sa ngayon ay hinahanapan pa rin ng lunas. May irerekomenda akong mga pagkain at inumin na maaaring iwasan niya, pero walang gamot. Instead, magrerecommend ako ng ilang therapy sessions para ma-train ang system niya to properly respond to certain situation.

Mukhang mangangailangan pa ng karagdagang paliwanag sina Pao at Aila.

DR. TALA (CONT'D)

Ganito kasi. Imagine lang na parang basketball; kung merong coach, at kung pa-praktisin regularly ang bata, matototo talaga kahit papano, di ba. Pag-

araw araw ginagawa, magiging part na nila ang kung ano mang routine na pianapagawa sa kanila. At mas mainam kung mas maaga, kasi, ‘ika nga, mas malambot pa kapag bata pa.

AILA

(bending forward)

Papano po ba ang proseso, dok? Mahal po ba?

DR. TALA

Well, unique ang pangangailangan ng bawat batang nasa Autism Spectrum. Kaya tinawag na spectrum, kasi iba-iba ang mga nararamdaman nila at pagpickup ng ilang skills. Ang iba, mabilis and response sa Arts or sciences, nagiging genius, merong iba naman, mas nadedevelop yung mga gross

motor skills nila. Nagiging
athletic, so masyadong iba
talaga.

Magtitinginan sina Pao at Aila.

DR. TALA (CONT'D)

Kaya, ideal ang one-on-one therapy para maaddress ang individual needs niya, as much as possible, one-on-one session sa isang Occupational therapist, one on-one sa speech and language therapist, ang sensory integration... as frequent, as possible... sana...

PAO

Covered po ba ng Philhealth ang mga ganitong therapy, dok?

Hindi agad sasagot ang doktor.

DR. TALA

Unfortunately, hindi. Hindi rin ito covered ng kahit anong insurance.

Manghihiina sina Pao at Aila. Hihigpitan ni Pao ang pagkahawak sa kamay ng kanyang kasama.

Batid ng doktor ang pagkabahala ng dalawa.

DR. TALA (CONT'D)

Meron namang programa ang gobyerno para sa mga batang may special needs. Libre naman, pero sa pagkakaalam ko, academic masyado ang approach sa SPED, eh, at hindi one-on-one. Mas concerned sila na ma-integrate agad ang bata sa regular academic curriculum. Plus, may age requirement, yata. 5 y.o., so alanganin and edad ni NONOY. Kaya I would rather

recommend some special
schools na baka willing namang
magnegotiate sa available
budget niyo.

Magtitinginan uli ang dalawa.

PAO

Gagawin po namin ang
makakaya namin para kay
NONOY, dok.

AILA

Welcome po sa amin ang mga
recommendation niyo, po.

DR. TALA

But before that, let me remind
you na hindi lang ang mga
eksperto ang makakatulong sa
anak ninyo, ha? Kayo ang unang
mga doktor nya. He needs your
full attention. Dapat kayong

nakatutok. Kailangan nyong i-enforce ang mga daily routine nya, kasi mabilis silang makalimot. And if I may ask, ilang taon na ba kayo uli?

PAO

25 po.

AILA

25 din po.

DR. TALA

Oh... At least , you still have a lot of energy to deal with this, Mr and Mrs uhhh... I mean...

Mapapatigil ang doktor, at magmumukhang may maaalala. Lalapit siya sa isang shelf at kukuha ng ilang flyers at cards.

DR. TALA (CONT'D)

...can I call you by your first name? Paolo, Mikhaela? Let's

make this more personal,

masyado tayong businesslike...

AILA

Yes, dok. Or, Aila na lang po.

PAO

Pao na lang, dok.

DR. TALA

Okay, so, Pao and Aila, pag-
aralan niyo muna ang mga
offerings ng mga ‘to. Pwede niyo
rin silang bisitahin muna kong
gusto niyo, para ma check niyo
ang kanilang mga facilities. Let
me know kung saan dito ang
matittipohan niyo para magawan
ko kayo ng recommendation...

Bibitawan ni Aila ang kamay ni Pao para kunin ang inaalok na mga flyers ng doktor.

EXT. CLINIC LOBBY - DAY

Tahimik na nakaupo ang tatlo sa isang bench. Nasa gitna nila si Nonoy, at yakap yakap ni Aila ang bata habang nakasandal ito sa kanya. Mukhang may hinihinatay silang tatlo.

Enjoy naman ang bata habang pinapanood ang mga bulang umaakyat sa ibabaw ng tubig ng aquarium na nasa gitna ng lobby. Mas nagugustuhan niyang panoorin ito, imbis na ang mga makukulay na isdang laman ng nasabing tangke. Papasok ang isang NURSE. Papasok din ang ingay sa labas.

NURSE

Okay na po mam, sir, pwede na po kayong umalis.

Iaaabot ng nurse ang isang resibo. Tatanggapin ito ni Pao.

AILA

Sige, thanks.

Lalabas ang nurse at muling maghahari ang katahimikan sa lobby.

Hindi sila agarang aalis sa kanilang kinauupuan. Mukhang matamlay at malalim pa rin ang iniisip nila.

PAO

Si Einstein, may autism din.

Hindi kikibo si AILA. Magpapatuloy ang kanilang pananahimik.

INT. FASTFOOD RESTAURANT - DAY

Papasok sina Pao, Aila at Nonoy sa fastfood restaurant at agad na sasalubong sa kanila ang iba't ibang ingay. Maraming tao ang pumipila sa counter, ngunit mapapansin ni AILA na walang tao sa Priority Lane. Lalapit siya doon at oorder ng pagkain.

AILA

Miss, paorder.

SERVICE CREW

For senior citizens and PWDs lang po rito. May ID po kayo?

AILA

Wala pang ID, kakadiagnose
lang eh. Pero dala ko naman ang
may kailangan ng assistance, ito
siya, oh, anak ko.

Ituturo ni Aila si Nonoy na pinipigilan na ni Pao na makawala, dahil may nakita nanamang kung anong bagay na nakakainteres sa kanya.

SERVICE CREW

Ay, sorry, mam, kailangan ko po
ng ID.

AILA

Eh, wala pa nga miss, eh. Kahit
wala na munang discount,
paorder na lang, please?

SERVICE CREW

Mam, sorry talaga, magprocess
po muna kayo ng ID.

PAO

Ako na lang pipila, Aila.

Makikipagtalo pa sana si Aila ngunit makikita niyang bubuksan ng MANAGER ang isa pang counter na malapit sa kanila para tumanggap ng order. Mukhang mauuna si PAO sa pila kaya maiiling na lamang siya, at maglalakad palayo kasama si Nonoy para makahanap ng bakanteng mesa.

Kukuha ng tissue paper si AILA sa kanyang bag at pupunasan ang mesa na kanilang gagamitin. Hindi pa kontento, Kukunin niya ang bote ng alcohol sa kaniyang bag, bubuksan niya ito, at bubuhusan ang tissue paper na gagamiting pampahid sa mesa. Maglalagay din siya ng alcohol sa kanyang kamay, at sa kamay ni Nonoy.

Pagkatapos ng kanyang maiging paglilinis, aaliwin ni Aila ang bata sa pamamagitan ng pagbukas ng flask at pagbuhos ng laman na tubig sa takip nito na nagsisilbi ring cup.

Aliw-na aliw si Nonoy habang pinagmamasdan ang daloy ng tubig galing sa flask. Pagmamasdan rin muna niya ang sayaw ng tubig sa cup bago niya ito inumin. Hihingi uli siya ng karagdagang tubig ngunit wala nang laman ang flask.

AILA

Oh no more na. Ikaw kasi
binuhos mo yung laman kanina
kaya wala nang natira. Antayin
na lang natin ang order ni tatay
Pao, ha?

Sisimangot si Nonoy at uutal na parang sanggol. Mapapabaling ang kanyang atensyon sa isang baso ng soft drinks sa kabilang mesa. Mamamangha siya sa mga namumuong hamog sa paligid ng plastic na baso.

Uupo si Pao sa harap nila. Ilalapag niya ang order number at resibo sa mesa. Kukunin ni Aila ang resibo at babasahin. Tahimik na pagmamasdan ni Pao si Aila habang binubusisi nito ang detalye ng kanyang inorder.

Hindi nila mamamalayan ang pagtayo ni Nonoy at pagpunta sa kabilang mesa para hablotin ang soft drinks na pag-aari ng isang CUSTOMER at dali-daling inomin.

AILA

(shocked)

Nooy!

Aagawin ni Aila kay Nonoy ang soft drinks at agad na isasauli sa may-ari.

AILA (CONT'D)

Sorry po!

(to NONOY)

Sit down, baby, sit down.

Isang masakit na sulyap mula ulo hanggang paa ang isasagot ng customer kay Aila. Halatang nainis siya sa ginawa ng bata.

Darating ang kanilang order. Hindi pa rin mapakali si Aila dahil sa ginawa ng bata.

AILA (CONT'D)

Pao, take out na lang natin.

Mapapakamot ng ulo si Pao.

TRACKING. MODERN PUV - DAY

Mula sa fastfood restaurant, sasakay sila sa isang makabagong PUV.

Babaybayin ng sasakyan ang magarang distrito ng siyudad, patungo sa matrapik at lumang anyo ng downtown Iloilo.

Sa loob ng PUV, makakaramdam ng antok si Nonoy at matutulog ito sa dibdib ni Pao. Parehong tahimik at malayo ang tingin ng dalawang magkasama.

Pagkalipas ng ilang sandali, sasandal din si Aila sa balikat ni Pao sabay yakap sa bisig ng lalaki. Hahagkan ni Pao ang ulo ng kanyang kinakasama.

Sa labas ng PUV, madadaanan nila ang paliko-likong ilog ng Iloilo na mapayapang dumadaloy patungo sa hindi natatanaw na dagat.

TRACKING. APARTELLE - DAY

Bababa sina Pao, Aila at Nonoy sa sentro ng downtown. Tulog pa rin ang batang karga ni Pao. Lalakarin nila ang isang maliit na eskinita patungo sa kanilang apartelle.

Abo ang kulay ng mga sementadong paligid na nabibitak na dahil sa kalumaan. Mukhang mga ugat ng puno ng lunok ang mga plastik na tubo ng tubig na naglalaylayan sa gilid ng matandang gusali. Hindi

naman maintindihan ang ayos ng mga kuryente na parang mga sinulid na dinumog ng heganting pusa. Ang mga sinampay naman ay nagmistulang mga banderetas sa pista ng mga patay, lalong-lalo na na mukhang mga nitso sa gilid ng bukid ang mga kahon-kahong kwarto na bumubuo ng apartelle.

Aakyat sina PAO sa isang hagdanan na mukhang fire exit. Dadaan sila sa isang masikip na lobby sa ikalawang palapag. Tutuntunin nila ang kanilang inuupahang unit.

INT. APARTELLE - DAY

Madilim ang loob ng bahay, ngunit makikita na organisado pa rin ito. Nasa iisang espasyo lang ang sala at kusina. May isang desktop computer sa isang gilid at sa tabi nito ay isang cabinet na may iilang lumang camera gears at maraming libro. Mapapansin din ang isang digital clock sa isang desk. May ilang tropeo at medalya sa taas ng cabinet. “Paolo Enrico Villa. Best Director. CineKasimanwa: The Western Visayas Film Festival,” ang nakasulat sa isa. “Angela Mikhaela Manalo. Best Debater. Inter-University Debate Competition,” naman ang nakasulat sa isa. Maririnig pa rin ang ilang mga busina ng mga sasakyan sa labas.

Deretsong dadalhin ni Pao ang natutulog na bata sa isang kwarto. Pupunta naman si Aila sa kusina para buksan ang inorder nilang pagkain.

Sisiguradohin ni Aila na maayos ang pagkahanda ng mga pagkain sa mesa. Pati ang mga kobyertos ay ilalapag niya ng nasa tamang lugar, at naka-place mat pa. Ang plastic bag naman na ginamit sa takeout order ay tutupiin niya ng maigi at ilagay sa isang dating container ng ice cream na ginawa nang panglagyan ng mga tinupi na plastic wrappers.

Uupo si AILA sa harap ng mesa at bubuksan ang kanyang bag. May kukunin siyang isang papel at malalaman na isa itong enrollment form. May tatak nang “officially enrolled” sa kursong Political Science ang papel na nakapangalan sa kanya. Sa banda ng assessment, makikitang ”fully paid” na rin ang enrollment niya sa semester na iyon.

Lalabas si Pao galing sa kwarto ni Nonoy at makikita niya si Aila na malalim ang iniisip. Mapapansin siya ni Aila, kaya ibabalik ng babae ang kanyang enrollment form sa kanyang bag.

AILA

Halika ka na, kain na tayo.

Lalapit si Pao at uupo sa mesa. Tahimik silang kakain ng takeout order nila.

INT. COUPLE’S BEDROOM - NIGHT

1 AM ang nakalatag na oras sa isang wall clock. Pumapatak ang bawat segundo ng nasabing orasan. Parehong nakahiga sa kama sina Pao at Aila. Kakatapos lang nilang magsex. Blangko pa rin ang kanilang pagmumukha habang pinagmamasdan ang umiikot na ceiling fan.

AILA

I think I should quit school.

PAO

Ano?

Hindi sasagot si AILA.

PAO

Binayaran na natin ang buong semester, di ba?

AILA

Narinig mo ba ang mga sinabi ng doktor kanina? Baka kailangan ko ring magtrabaho.

Mapapaisip si PAO.

PAO

Ako na ang raraket.

AILA

Eh, hirap ka ngang makahanap ng raket ngayon. Kung may mahanap ako, magtatrabaho ako.

PAO

Ituloy mo pag-aaral mo. Kakayanin natin to.

Hindi na sasagot si Aila. Makikita pa rin ang pagkabahala sa kanyang mukha.

EXT. UNIVERSITY CAMPUS - DAY

Pagmamasdan ni Aila ang facade ng Administration Bldg. Parang kinakabisado niya ang bawat sulok ng gusaling ito. Aayosin niya ang kanyang sarili at maya-maya ay papasok siya dito.

EXT. ACCOUNTING OFFICE - DAY

Nasa labas lamang si Aila ng Accounting Office. Nakikinig siya sa paliwanag ng ACCOUNTING CLERK, 40 y.o., na nasa loob naman ng opisina. Hinihiwalay sila ng tinted glass window na may butas lamang sa baba para sa pagbigay at pagtanggap ng kung ano mang mga dokumento. At dahil nga tinted ito, mukhang kinakausap lang ni Aila ang kanyang sarili.

ACCOUNTING CLERK

Pagkatapos mong maipasa ang signed letter indicating, na hindi mo itutuloy ang pag-aaral mo, ay kailangan pa itong iprocess. Then it will take around two weeks bago ma-release ang refund mo. Sigurado ka na ba talaga sa desisyon mo?

Tatango si Aila.

ACCOUNTING CLERK

(CONT'D)

Oh sige. Makakatanggap ka ng text message, o di kaya, email, informing you kung available na ang refund mo. Okay?

AILA

Sige po. Thank you.

Aalis si Aila.

EXT. ACADEMIC BUILDING - DAY

Dadaan si Aila sa lobby ng isang gusali. Sa glass window ng isang classroom, makikita niya ang isang aktibong interaksiyon ng mga estudyante at ng kanilang guro.

Mapapahinto si Aila at maaaliw sa kanyang makikita. Maya-maya ay makikita niya ang kanyang sarili na nasa loob, nakauniporme, at aktibo

ring sumasali sa diskusyon ng klase.

Guguhit sa mukha ni Aila ang isang malaking paghahangad. Lalapit at hahawak siya sa glass window.

Dali-dali siyang maglalakad palayo na baon ang mabigat na kalungkutan.

EXT. APARTELLE - DAY

Habang nagkakape, makakatanggap si Pao ng text message galing kay Aila.

AILA

(text)

Pao, pakisuyo kay Maring,
bantayan muna si Nonoy.
Meetup tayo sa Mayor's Office.

PAO

(text)

Para ano?

AILA

(text)

Hingi tayo ng tulong kay mayor.

Mapapaisip si PAO.

PAO

(text)

Okay.

Tatapusin ni PAO ang kape niya. Tatanggap uli siya ng text.

AILA

(text)

Galing ako ng school, humingi
na ako ng refund. Hihinto na ako
ng pag-aaral.

Mapapabuntong-hininga si Pao, at mapapakamot ng kanyang noo.

Iinom siya sa kanyang tasa at mapapahinto pagkatapos ng isang higop. Mukhang pumait ang kanyang iniinom. Itatapon niya ang natitirang kape sa lababo.

INT. NONOY'S BEDROOM - DAY

Papasok si Pao sa kwarto ng bata at pagmamasdan ang mahimbing na natutulog na si Nonoy. Uupo siya sa kama at hahaplosin ang buhok ng kanyang anak. Pagmamasdan niya ang mga guhit ng krayola sa dingding na parang gawa ni Jackson Pollock. Punongpuno ang lahat ng dingding ng ganitong mga guhit. Sa isang banda, may nakadikit na mga larawan niya at ni Aila.

INT. ILOILO CITY HALL - DAY

Magkatabi sina Pao at Aila sa pila sa labas ng Mayor’s Office. mga bibenteng tao ang nakapila.

PAO

So, kelan ka babalik ng school?

AILA

Saka ko na iisipin, ang
importante ang pagpapagamot
kay Nonoy.

PAO

Wag kang mag-alala,
naghahanap na rin ako ng raket.
Mabuti nandyan si Maring para
magbantay kay Nonoy.

Mapapaisip si AILA.

AILA

Kapag manageable na ang
kalagayan ni Nonoy. Siguro doon
pa lang ako makakabalik ng
school.

PAO

Sabi ng doctor baka matatagalan
pa ‘yon.

AILA

Hindi. ibang kaso si Nonoy.
Sisiguraduhin kong mabilis ang
paggaling nya.

Bubukas ang pinto at tatawag ang OFFICER habang nakatitig sa kanilang dalawa.

OFFICER

Next!

Lalapit sila sa Officer.

AILA

Hello, mga botante kami ni Mayor sa Barangay 145.

May iaabot na papeles si Pao sa Officer. Bubuksan at babasahin ng Office ang laman.

OFFICER

Ay, ang anak ng pinsan ko ganun din… May Certificate of Indigency na kayo?

AILA

Ano po yon?

OFFICER

Sulat galing sa barangay niyo.
Pirmado ng barangay captain
bilang patunay na indigent kayo
at kailangan niyo ng donasyon
mula kay mayor.

AILA

Ay wala po kami ng ganyan di
namin alam, eh. Pwede ba to
follow na lang?

OFFICER

AY hindi pwede. Balik na lang
kayo pagkatapos niyong
makahingi sa barangay niyo.

AILA

Ay sige, thank you po.

Lalabas sina Pao at Aila.

PAO

At least, may label na ang
relasyon natin.

Magtitinginan silang dalawa at sabay bigkas.

PAO & AILA

Indigents.

Tatawa silang dalawa habang maglalakad palayo sa City Hall.

EXT. PLAZA LIBERTAD – DAY

Dadaan sina Pao at Aila sa Plaza Libertad na katabi lamang ng Iloilo City Hall. Madadaanan nila ang bagong kasal sa simbahan ng San Jose na nagpo-postnuptial photography sa plaza. Manunuod sila sandali.

AILA

Ang ganda ng gown.

Hindi kikibo si Pao, kahit na alam ni Aila na narinig niya ang sinabi niya. Malulungkot ang mukha ni Aila.

AILA

Tayo na.

Maglalakad palayo si Aila. Susunod sa Pao.

PAO

Mas maganda pa dun ang magiging gown mo...

AILA

Shut up.

INT. BARANGAY HALL - DAY

CLOSEUP ng draft ng Certificate of Indigency na lumalabas sa computer monitor habang tina-type ng BRGY. SECRETARY, 50 Y.O., ang mga detalye ng kanyang kliyente.

Sa gilid ng monitor, makikita ang mga maaamong mukha nina Pao at Aila na tahimik na naghihintay matapos ang pinapagawa nilang dokumento.

Maya-maya, magba-vibrate ang cell phone ni Aila. Titingnan niya ang screen ng kanyang cell phone at makikita niya ang caller ID ng

tumatawag. MAMA. Makikita rin ito ni Pao.

AILA

Hihingi ‘to ng update.

PAO

Busy pa tayo.

Mapapaisip si Aila. Ika-cancel niya ang tawag.

Ibibigay ng BRGY. SECRETARY ang pinagawa nilang dokumento.

BRGY. SECRETARY

Bente Pesos.

AILA

Ay may bayad?

BRGY. SECRETARY

Pambili ng ink.

Kukuha ng pambayad si Aila at ibibigay sa Brgy. Secretary.

INT. APARTELLE - NIGHT

Papasok sina Pao at Aila sa loob ng bahay na parehong mukhang pagod. Pabagsak na uupo sila sa magkabilang upuan.

Lalabas si MARING, 30 y.o., kasama si Nonoy. Galing sila sa kwarto ng bata. Daladala ng bata ang isang transparent na sippy cup na may lamang kalahating tubig. Nilalapit niya ito sa kanyang mata para masilip ang lamang tubig.

AILA

Hello Maring, o kamusta?

MARING

Okay lang. Ayaw matulog, hinihintay yata kayo.

AILA

As usual, magpapa-cute pa ‘yan, bago matulog. Thank you, Maring ha? Hulog ka talaga ng langit.

PAO

Thank you, Maring. Pakidampot
na lang ng supot diyan sa mesa.
Para sa iyo yan.

MARING

Sus. Nag-abala pa kayo.

Lalapit si Maring sa mesa at kukunin ang tinutukoy ni Pao na isang supot.

MARING

Ay, salamat dito! Sige, tawag
lang kayo, next time.

AILA

Sige, thank you, uli.

Lalabas si Maring ng bahay.

Kakandongin ni Aila si Nonoy na nilalaro pa rin ang kanyang sippy cup na may lamang tubig. Kakanta si AILA ng isang Hiligaynon folk song na "Tamilok."

AILA

(singing)

Sang isa ka gab-i, masanag ang
bulan. May isa ka tawo nga
nagpanindahan. Uminom sang
tuba, nahubog nagtalang. Didto
sa pilapil, sa turugban
nagtigpasaw!

Magugustuhan ni Nonoy ang kanta ng kanyang nanay. ngingiti ito ng sobrang tamis sabay palakpak. Enjoy din si Pao na pinapanood ang mag-ina. Itutuloy ni Aila ang pagkanta.

AILA(CONT'D)

Sa iya pagtigpasaw, nakibot ang
karabaw. Pumusnga ang sapat,
ang hubog nagwawaw! Gilayon
tumindog, kag magtumingkaaw.
Solo nga nakita, ang lago sa
kahoy...

Kukunin ni Pao ang kanyang cellphone at kukunan ng video ang mag-

ina.

Itutuloy ni Aila ang paghimig ng kanyang kanta.

PAO

‘Noy, okay na ako na happy ka.

Mapapahinto si Aila. Mapapaisip.

AILA

Ako rin, Noy. Makapagsalita ka lang, happy na kami. Sana happy ka rin sa amin.

PAO

At sana matutunan mo akong tawaging tatay. ‘Yun na lang. Okay na ‘yan.

AILA

Ay of course, ako rin, nanay.

Habang nakahiga si Nonoy sa kanlungan ni Aila, makikitang nakikinig

siya sa sinasabi ng nanay at tatay niya. Maligaya siya. Kontento.

Sa POV ng bata, unti-unti niyang maririnig ang tibok ng puso ng kanyang ina. At sa kanyang pagpikit, makikita niya ang isang espasyo na kahawig ng sinapupunan ng kanyang nanay. Maaalala niya ang kanyang maliit at mapula-pulang kamay, at kung ano mang lumulutang na mga bagay-bagay sa paligid.

INT. APARTELLE - DAY

Naglilinis ng bahay sina Pao at Aila. Mabusising sinusuyod ni Aila ang bawat sulok ng sala para malinis ng mabuti at matonton ang mga kalat na laruan ni Nonoy. May ginagawa namang wall organizer si Pao sa mesa. May ilang cards na nagpapakita ng ilang household activities ang nakakalat sa tabi ni Pao.

PAO

Tama na ba tong ginagawa ko?

Sisiyasatin ni Aila ang ginagawa ni Pao. Kukuha siya ng isang card at isusukat sa isang pouch ng organizer.

AILA

Ayosin mo naman ang
pagkagawa, PAO. Siguradohin
mong magmukhang maayos at
malinis.

PAO

Eh, mukhang maayos at malinis
naman to, ah.

AILA

Mas gaganda pa yan pag inayos
mo ang pagka-staple at glue.
Tapos linisn mo naman ang mga
edges, oh may nagkakalat pa,
oh.

Iiling si Pao sabay hinga ng malalim. Aayosin niya ang ginagawa niya.

AILA

Oh, ano? Di ba artist ka?

PAO

Oo nga, inaayos na nga.

Totonog ang cellphone ni Pao. Babasahin niya ang dumating na text message.

PAO

Ayos! Mag-uumpisa na ang trabaho ko sa reastaurant bukas!

AILA

Wow nice! May pangdagdag na tayo sa mga gastosin natin. Sana matutuloy din yung hinihingi natin kay mayor.

Mapapaisip si Pao.

PAO

‘Ga.

AILA

Hmm?

Magdadalawang-isip si PAO.

AILA (CONT'D)

Ano?

Kukuha ng bwelo ang lalaki.

PAO

Nang nabuntis kita, naniwala ka ba talagang, kaya ko kayong buhayin?

Mapapaisip si Aila.

AILA

Hindi.

Tahimik lang si PAO.

AILA (CONT'D)

Litong-lito ako, that time, 'Ga. Pero sigurado akong ayokong ipalaglag ang bata.

Katahimikan.

PAO

Edi sana, graduate ka na. Nag-
aabogado ka na.

AILA

Ikaw, filmmaker ka na. Marami
ka nang babae.

Bahagyang maiinis si Pao, pero hindi siya magsasalita.

AILA (CONT'D)

Pinagsisisihan mo na ba?

PAO

Hindi.

Katahimikan.

AILA

Yan ang dahilan kung bakit ako
sumama sa 'yo, Pao. Alam kong

ipaglalaban mo kami ng anak
mo.

INT. ILOILO CITY HALL - DAY

OFFICER

Villa? Paolo Enrico Villa.

Lalapit sina Pao at Aila sa Officer. Dadalhin sila sa isang mesa at papapirmahin ng ilang dokumento. Mukhang excited si Pao na pipirma at hindi na niya babasahin ang mga pinapipirmahan sa kanya.

OFFICER

Bago kayo umalis, picture muna
kayo dito.

Ituturo ng Officer ang isang standee ng Mayor. Magiliw naman na lalapit sina Pao at Aila sa standee at magpapapicture. Magpapasalamat sila pagkatapos magpapicture at pagkatapos ay lalabas ng opisina.

Habang naglalakad palayo, excited nilang bubuksan ang sobre at lalantad sa kanila ang halaga ng cheke na ibinigay sa kanila: “Two thousand Pesos only (PHP 2,000.00).” Madidismaya ang kanilang

pagmumukha.

AILA

Teka. Monthly ba natin matatanggap to?

PAO

Malamang hindi.

AILA

Sandali.

Dali-daling babalik si Aila sa loob ng opisina. Hindi na susunod si Pao sa kanya. Mukhang alam na niya ang sagot.

Lalabas si Aila ng opisina na malungkot.

INT. APARTELLE - DAY

Mabusising pinaplantsa ni Aila ang uniform ni Nonoy. Iniimpake naman ni Pao ang babaunin ni Nonoy sa school.

PAO

‘Ga, gagabihin ako mamaya ha? Mag-oovertime ako. Baka tuloy-tuloy na ‘to.

AILA

Sige.

PAO

Noy, halika na, maligo ka na.

Patakbong lalabas ang bata sa kanyang kwarto at tatalontalon pa bago dumeretso ng banyo. Excited siyang maligo. Susundan siya ni Pao sa banyo.

PAO (CONT’D)

Hoy huwag masyadong malikot, mababasa ako!

Tatawa-tawa si Nonoy na ineenjoy ang daloy ng tubig sa kanyang katawan.

Lalapit si Aila sa kanila at manonood.

AILA

Sabonan mo nga ng maayos ang
kilikili ng batang yan. Amoy suka
na ang kilikili niyan.

Babalik si Aila sa pag-aayos ng mga gamit ng bata.

Lalabas ng banyo sina Pao at Nonoy. Dadalhin ng tatay ang bata sa nanay niya.

PAO

Oh, take it away.

Bibihisan naman ni Aila si Nonoy.

PAO (CONT'D)

Balitaan mo na lang ako
mamaya, ha?

AILA

Oo naman.

(to NONOY)

Hoy, mas excited ka pa yata sa

akin, ah. Gusto mo nang mag
school? Ha? Gusto mo? Huwag
ka munang malikot...

Patuloy ang pagsasayaw-sayaw ni Nonoy habang binibihisan. hawak-hawak nanaman niya ang kanyang transparent sippy cup na may lamang tubig.

Maghahanda rin si Pao ng kanyang uniporme at gamit pangtrabaho, pero mapapatigil siya at magiliw na papanoorin ang pagbihis ni Nonoy.

EXT. SPECIAL SCHOOL - DAY

Bababa ng jeep sa isang eskinita sina Aila at Nonoy.

May ilan ring mga estudyanteng naglalakad. Ang iba, kasama ang kanilang mga nanay, ngunit baliktad ang direksyon na kanilang pinatutungohan. Iba rin ang unipormeng suot ng mga bata kay Nonoy.

Hihinto sila sa isang malaki at saradong gate. Mukha itong gate ng malaking bahay imbis na paaralan. Lalapit si Aila sa door bell at pipindutin ito. Bubukas ang maliit na pinto sa gilid ng gate. Dito sila papasok.

INT. SPECIAL SCHOOL – DAY

Papasok si Aila at Nonoy sa isang kwarto at sasalubungin sila ni Ms. REYES, 45 y.o., administrator ng special school at ni TEACHER ANNE, 24 y.o.

MS. REYES

Hello, Ms. Manalo.

AILA

Ay, hello, goodmorning po. Aila na lang, po.

MS. REYES

Oh, okay Aila, welcome again,to our center, and...

(to NONOY)

Hello Mr. Paul Emmanuel Villa!

Mag-iinteract sila kay Nonoy.

MS. REYES (CONT'D)

And by the way, Aila, this is Teacher Anne, she will be the teacher-in-charge for Nonoy. She'll be in-touch with you most of the time...

MS. ANNE

Hello, Ms. Aila, nice to meet you, po?

AILA

Hello, Teacher Anne.

MS. REYES

So, as we have discussed last time, we will take charge of Mr. Paul. Teacher Anne will now take him to their room. Meanwhile, you can stay at our lobby, over there, or if you like, you can just leave, do your chores and just fetch Mr. cute little guy, later?

AILA

Ah, okay po. Thanks po... by the way, pwede po ba akong maglook around uli? Gusto ko lang pong manood ng ilang activities ng mga bata?

MS. REYES

(hesitates)

Pwede naman... for now, pero, usually, pinagbabawal namin ang mga onlookers, kasi nakakadistract minsan sa mga bata, you know. But since kailangan mo ring ma-familiarize ang facilities ng school natin, so go ahead.

AILA

Ay, oo nga po, naiintindihan ko po. I will try my best to be invisible po and i'll be very very

quick.

MS. REYES

Okay, maiiwan na kita ha?

Teacher Anne and Mr. little boy,

Paul, will now start their session.

See you later, Aila.

AILA

Sige, thank you po, uli.

Maglilibot si AILA at manonood ng ilang activities na ginagawa ng ibang mga bata. Matatagalan siya sa pagpapanood ng ilang mga binatang may autism na tinuturuan ng ilang household chores: pagrerefill ng tubig, paglalaba, plantsa, pagprito ng pagkain. Sa una ay mamamangha siya. Sa kalaunan, makikita sa kanyang mukha ang lungkot, at pagkabahala.

Babalik siya sa lobby at magpapahinga.

Pagkalipas ng ilang saglit, may mapapansin siyang babaeng papalapit sa kanya. Agad niya itong mamumukhaan, Dalidali siyang tatayo at magtatangkang aalis. Ngunit tatawagin siya ni DEBORAH, 50 y.o.

DEBORAH

Aila, please wait.

Mapapatigil si AILA. Hindi ito kikibo. Lalapit si Deborah sa kanya.

DEBORAH

Sinabi ni Maring na nandito ka.

AILA

Pwede ba, huwag dito?

DEBORAH

Pwede naman tayong mag-usap somewhere else. Hindi mo kasi sinasagot mga tawag ko.

Magdadalawang-isip si Aila, mayamaya ay maglalakad siya palabas ng eskwelahan. Susundan siya ni Deborah.

EXT. CAFE PATIO - DAY

Nasa eksklusibong cafe sina Aila at Deborah. Nakaupo sila sa isang

patio at kakabigay lang ni Deborah ng kanyang order sa isang waiter. Tahimik silang dalawa. Mukhang inip si Aila. Kalmado naman si Deborah.

Kukuha si Deborah ng sigarilyo at magsisindi. Aalokin niya ang anak ng sigarilyo. Magdadalawang—isip muna si Aila bago kukuha ng isa.

DEBORAH

Favorite tambayan mo to noong high school years mo di ba? Na mi-miss mo rin ba?

Hindi sasagot si Aila.

DEBORAH (CONT'D)

Autism pala ang sakit ng anak mo.

AILA

Hindi sakit, ma. Kondisyon.

DEBORAH

Yan ba ang rason kung bakit

ayaw mo pa ring umuwi ng

bahay?

Hindi pa rin sasagot si Aila.

DEBORAH (CONT'D)

Of course, sino ba namang magulang ang hindi magagalit nung mabuntis ka, Aila. Cum laude candidate, pipili ka na lang ng law school na papasokan mo, tapos…

AILA

Yeah right. Dahil trophy lang naman ako sa 'yo di ba, ma?

Matitigilan si Deborah.

AILA (CONT'D)

No. Hindi na ako uuwi sa inyo. Kaya naming buhayin ni Pao ang pamilya namin.

DEBORAH

Kaya ba talaga? Sa lagay ng anak niyo?

AILA

Anak niyo? Oo, anak namin. Anak lang namin, dahil ni minsan, hindi ko narinig sa ‘yo na tinawag mo siyang apo. Di ba ilang beses mo na siyang nakita? At sa pagkakataong iyon, ni minsan hindi mo siya tinawag na apo. Dahil ba may nakita ka nang kakaiba sa kanya?

Matutulala si Deborah.

AILA (CONT’D)

Hindi naman bago ang kuwento ng anak na maagang nabuntis, ah. Pero lahat ng kuwentong narinig ko, kapag nakita na ng

mga lolo't lola ang apo nila,
natutunaw kaagad ang galit nila.
Tinatanggap nila, pinapatawad
kasi madalas, naku-kyutan sila
sa mga apo nila. Madali naman
kasing mahalin ang mga bata, di
ba? Pero si Nonoy, ganito ang
anak ko. Ang 'anak nyo' ayon sa
'yo. Sorry kung hindi siya ang
klase ng apo na kaya mong
maipagmamalaki, someday.
Hindi siya ang
makakapagpatunaw ng galit nyo
sa amin ni PAO.

Maaapektohan si Deborah sa mga pinagsasabi ni Aila. Hindi siya makakapagsalita.

DEBORAH

Nandiyan na yan. Wala tayong
magagawa. Bukas ang pinto ng
bahay sa inyo ni Nonoy, Aila.

AILA

Kami lang ni Nonoy?

DEBORAH

Isipin mo ang kalagayan niya.
Mas bubuti ang kalagayan niya
kung hahayaan mo akong
makatulong.

Tatahimik si Aila. Tatahimik na rin si Deborah. Papatayin niya ang sigarilyo niya.

EXT. SPECIAL SCHOOL - DAY

Babalik si Aila sa special school ni Nonoy para sunduin ang bata. Mayamaya pa ay lalabas na rin si Nonoy kasama si Teacher Anne. Hindi maganda ang pagmumukha ng bata. Nakasimangot ito habang dinidikit sa kanyang kanang mata ang kanyang sippy cup.

TEACHER ANNE

Hi Ms. Aila.

AILA

Hello!

(to NONOY)

Oh ano? Bakit mukhang galit ka?

TEACHER ANNE

Naninibago lang po siguro kasi, bago pa sa kanya yung mga activites. Umiyak nga siya kanina Miss,eh.

AILA

Ganun? Ah, expected naman siguro yan, sinabi na rin sa amin ni Ms. REYES during orientation.

(to NONOY)

Sorry baby boy ha? Ganito talaga, eh. Tough love to, baby, tough love.

TEACHER ANNE

Then, ito po yung mga activities namin kanina, mostly orientation lang po sa mga different

activities, pakipirma na lang po
dito.

Ipapakita at ipapaliwanag ni Teacher Anne ang Activity Log ni Nonoy. Babasahin ito ni Aila at pipirmahan.

TEACHER ANNE (CONT'D)

Thank you po, Ms. Aila.

(to NONOY)

See you tomorrow, Mr. Paul.

AILA

Ay, wala kami bukas, Teacher Anne. Every Tuesday and Friday lang kami.

TEACHER ANNE

Hala oo nga pala hindi pala daily ang session niyo. Sayang....

(stops herself)

Pero nag-enroll kayo sa swimming no? Once a month lang naman.

AILA

Oo. May swimming kami.

TEACHER ANNE

Ay nice!

AILA

Oh sige, Nonoy, bye ka na kay Teacher Anne, bye-bye Teacher Anne.

TEACHER ANNE

Goodbye Mr. Paul, see you... sa Friday! Thank you po, Ms. Aila, see you po.

Lalabas ng eskwelahan sina Aila at Nonoy.

INT. RESTAURANT KITCHEN - DAY

Pawis na pawis si Pao sa hinahandang special batchoy. Maya-maya pa ay papasok si Boyet, 30 y.o., kaibigan at kasama ni Pao sa trabaho.

BOYET

Waswas ‘tol! Para sa bwas-
damlag!

PAO

Waswas! Para sa bwas-damlag!
Hahaha!

Kukuha si Boyet ng nakalistang order, at mag-uumpisa ring magluto.

EXT. RESTAURANT BACK ALLEY - DAY

Nagyoyosi break sina PAO at BOYET.

PAO

‘Tol, pasama naman sa mga gig
mo, kelangan ko na talagang
umekstra.

BOYET

Sure ka?

Magtititigan sila ng matagal. Mukhang may pinapahiwatig si Boyet na kakaiba.

PAO

Uy gago, legit ang gusto ko.
Ayokong pumasok diyan!

BOYET

Haha! Joke lang, gago! Pero
okay, kung merong malaking
raket isasama kita. Eh kung
wala, wala rin.

PAO

Oo naman. Basta legit ha?
Medyo hindi yata kakayanin ng
sweldo ko ang therapy ni Nonoy,
eh.

BOYET

Gago, let’s get real, ‘tol. Hindi
tayo nakagraduate. Wala rin
tayong puhunan pangnegosyo.

Kung gusto mong kumita above

minimum wage, alam mo na

kung saan ka pupunta.

Hihithit ng sigarilyo si Pao at mapapaisip ng malalim.

BOYET

Gaano ba kalala ang kalagayan

ng inaanak ko?

PAO

Delayed ang mental

development niya, ‘tol. Akalain

mo, 4 years old na siya, pero

parang 9 month old lang daw

ang lebel ng pag-iisip niya.

BOYET

Gago, dalhin mo siya kay Tiyoy

Ising, yung babaylan, ipa-batak

mo ang dungan niya.

PAO

‘Tol, seryosong usapan ‘to. Puro ka naman biro, eh.

BOYET

Gago, mukha ba akong nagbibiro? Yang kalagayan ni Nonoy, mukhang hindi lang kompleto yung dungan niya e. Premature baby siya, di ba? Baka nga hindi buo yung pagsama ng dungan niya sa katawan niya.

PAO

Hindi naman sa hindi ako naniniwala, pero...

BOYET

Naniniwala? Gago! May choice ka ba? Ha? Di ba kailangan explore natin lahat na possibilities? Eh ito, isang manok lang, solb na ‘to. Kompara mo ba

naman sa libo-libong gagastosin

mo sa therapy na yan?

Hindi sasagot si Pao. Papatayin niya ang sindi ng sigarilyo niya.

BOYET(CONT’D)

Gago legit ‘to. At saka yung hindi

niya pagsasalita? Pakainin mo

siya ng puke ng baboy

siguradong dadaldal yan kaagad.

Babalik si Pao sa loob ng restaurant. Susundan siya ni Boyet.

BOYET(CONT’D)

Uy gago, tested and proven yan!

Yan ang ginawa sa akin ng

nanay ko nang bata pa ako.

Tingnan mo ako ngayon. Oh,

ang daldal ko na di ba...?

INT. HOUSE – NIGHT

Mukhang galit nanaman si Nonoy habang hinihila siya ng nanay niya

papalayo ng banyo para maupo sa harap ng maliit na mesa.

AILA

Tama na yang kakalaro ng tubig. Lumalaki na ang bill natin dahil sa kakalaro mo. Sige na. Sit down na.

Ise-set ni Aila ang digital clock to Timer Mode at mag-uumpisang papatak ang bawat segundo ng orasan. Tatangkain niyang mapaupo si Nonoy sa harap ng mesa at manatili ito ng ilang minuto para maturuan siyang makinig at magfocus sa kanyang ginagawa.

AILA (CONT’D)

Ayan, stay there, okay?

Mauupo naman si Nonoy ng ilang segundo lang pero magtatangka itong aalis para bumalik sa banyo.

AILA (CONT’D)

Nonoy, stay. Stay!

Papasok si Pao galing trabaho. Mukhang pagod na pagod.

PAO

Hello, ‘ga.

AILA

Hi, kumain ka na?

Magkikiss si Pao sa kanyang mag-ina.

PAO

Nakasalubong ko si Maring.

Pumunta raw dito ang nanay mo.

Nagkita kayo?

Mag-aalangan si Aila,

AILA

Hindi.

Tatango lang si Pao. Parang nagdududa.

PAO

Magpapahinga muna ako.

Dederetso si Pao ng kanilang kwarto. Susundan siya ng tingin ni Aila. Mukhang magi-guilty si Aila.

Biglang tatakbo uli sa banyo si Nonoy at papaandarin ang gripo.

AILA

Nonoy, that's not nice. Sige na,
stay na, please?

Ibabalik ni Aila si Nonoy sa kanilang ginagawa pero magtatantrum na ang bata.

Mapapaisip si Aila at mayamaya ay kukunin niya ang paboritong sippy cup ng bata at lalagyan ng orange juice. Ibibigay niya ito kay Nonoy. Magugustuhan ito ng bata.

AILA

You like it? O sige na halika na.

Papaupuin niya uli si Nonoy. Mauupo naman ang bata at uumpisahan ni Aila ang kanilang activity.

TIME CUT TO:

Puro zero na ang makikitang mga numero sa digital clock. Mukhang pagod na pagod na si Aila habang nilalaro ang mga tic tac toe na laruan na nakapatong sa mesa. Makitang siya lang ang mag-isang naglalaro, habang si Nonoy ay tumatalontalon at sumasayawsayaw habang pinapaikot ang kanyang sippy cup na may lamang tubig.

Nagkalat na rin ang ibang mga laruan sa sahig.

AILA

(bored)

Nonoy, come back here na. Let's play.

Tatawagin lang ni Aila ang anak niya pero hindi siya aalis sa kinalalagyan niya o tatangkain man lang na hatakin uli si Nonoy na maupo sa harap ng mesa.

Mayamaya pa ay tatayo siya at magliligpit. Kukunin niya ang plato na nakapatong sa sofa. Pupunta siya ng kusina at mapapabuntong-hininga matapos makita ang patongpatong na hindi nahuhugasang pinggan.

Ihuhulog ni Aila ang hawak na plato sa isang labador na puno ng tubig.

MATCH CUT TO:

EXT. SWIMMING POOL – DAY

Kaka-dive lang ni Nonoy sa swimming pool. Sa ilalim ng tubig, makikitang mulat ang kanyang mata at manghang-mangha ang itsura. Hindi siya kikibo. Dahan-dahan niyang ipipikit ang kanyang mga mata habang pinakikiramdaman ang hagod ng tubig sa kanyang katawan.

May biglang lalapit at hahablot sa kanya palabas ng tubig.

TEACHER ANNE

(nervous)

Nonoy naman! You take it slow, okay? Halika muna dito sama ka muna sa mga friends mo.

Dadalhin ni Teacher Anne si Nonoy patungo sa gilid ng pool kung saan nakatipon ang ilang mga teachers at mga kabataan na naghahanda para sa isang swimming activity.

Makikita naman si Aila sa isang silong malapit sa pool. Hiyang-hiya siya sa ginawa ng anak, ngunit ayaw naman niyang makialam sa aktibidad ng mga bata sa pool.

Sasali si Nonoy sa swimming exercise ng grupo. Mauupo na lang si Aila sa isang sulok kasama ang iba pang bantay ng bata.

Matatapos ang session at aahon na sina Nonoy at Teacher Anne. Babanlawan ni Aila si Nonoy sa gilid na may shower.

Habang nililigpit ni Aila ang kanilang mga gamit, makikita natin ang malaking pagkamangha ni Nonoy sa paligid. Hahawakan niya ang ilang dahon ng mga pananim, pati na ang malaking bato na nasa gilid ng pool. Nanamnamin niya ang hanging nararamdaman at lilibutin ng kanyang paningin ang malawak at luntiang paligid. Maooverwhelm siya ng kanyang naramdaman at mae-excite. Tatalontalon siya, at bago pa man siya mapigilan ng ina, ay tatakbo siya pabalik ng pool at magda-dive uli.

Kakaripas nanaman si Aila at Teacher Anne pabalik ng pool para kunin siya.

INT. APARTELLE – NIGHT

Kumakain ng hapunan ang tatlo. Sinusubuan ni Aila si Nonoy ng pagkain pero bago subuan ay pipilitin ni Aila na magsa-sign ng “give me” si Nonoy na kinakainis naman ng bata. Tahimik lamang na nagmamasid si Pao.

AILA

Sige na. Giiiive... me. Giiive?

Ayaw talagang sumunod ang bata.

AILA

Pao, bago ka umalis bukas
iwanan mo kami ng pamasahe
ha?

PAO

Ha? Ubos na ba yung bigay ko
sa yo?

AILA

Eh magkano lang ba ang
ibinigay mo sa akin, Pao? Eh

pamasahe lang yun. Eh, nang-agaw daw siya ng pagkain ng kaklase niya. Mahiya naman tayo, pabaonan naman natin siya ng maayos.

PAO

Sige. Babale na lang uli ako kay boss...

(thinks)

O di kaya maglalakad na lang ako papuntang trabaho.

AILA

Huwag na lang. Nang gi-guilt trip ka yata e.

PAO

Anong guilt trip? Totoo naman, ah. Mas makakatipid tayo kung maglalakad na lang ako. Kay sa mabaon tayo sa utang.

Matatahimik silang dalawa.

AILA

Magastos din pala yung pabalikbalik na pamasahe at pangmeryenda.

INT. SCHOOL LOBBY – DAY

Kakahatid lang ni Aila kay Nonoy sa kwarto ni Teacher Anne. Dederetso siya sa may lobby at doon maghihintay.

May papasok na magarang kotse at lalabas ang isang special child na si MILO, 5 y.o., kasama ang isang nakaunipormeng yaya at kanyang lolang si LEONOR, 60 y.o. sasalubungin ng isang teacher si Milo. Madaldal ang bata. English, at fluent ang kanyang pananalita. Maiiwan ang yaya at si Leonor.

Babatiin ng ilang mga bantay at yaya ang bagong dating. Mukhang sikat ang lola sa mga tao doon.

Mapapansin ni Leonor si Aila at lalapit siya rito.

LEONOR

(to the yayas)

Uy umorder ako ng pizza.

Antayin niyo na lang.

Magpapalakpakan ang mga bantay.

LEONOR (CONT'D)

(to AILA)

Hello, bago ka rito ano? I'm

Leonor, everyone calls me,

mama Leonor.

AILA

Ay hello po, Mikhaela, po.

Everyone calls me Aila.

LEONOR

Ilang taon na ang anak mo?

AILA

Four, po.

LEONOR

Ah, parang si Milo rin, yung apo ko. But look at him now. Did you see him?

AILA

Ah, siya yung kasama niyo kanina? Ay ang galing galing na umingles, ah! Ilang taon na ba siya?

LEONOR

He's five, pero na diagnose siya nang 2 years old pa lang. And as soon as na diagnose siya, we didn't waste time. Inexhaust na namin lahat para gumaling siya. Pumunta pa nga kami sa Singapore para sa ABA therapy doon.

Maiimpress si Aila.

LEONOR (CONT'D)

Associate supervisor kasi ang
mama niya sa Dubai. Daddy niya
Kapitan sa barko. Nagbibigay
naman ng sustento kahit na...

(pabulong)

...hiwalay na sila ng anak ko.

Bahagyang matitigilan si Aila pagkatapos marinig ang huling impormasyon na ibinulong ng matanda sa kanya.

AILA

Eh, ba't di na lang kayo tumira
doon sa Singapore? Oh di kaya
sumama na lang kayo sa mama
niya sa Dubai?

LEONOR

Uh, kinoconsider naman ng
mama niya na lumipat na lang sa
England at sumama kami doon.
Pero Dios mio, ayoko, 'Day!
Papano naman ang social life

ko? Ayokong ewan mga friends
ko dito sa Pinas! At for sure,
puro trabaho naman si mama
niya. Istorbo lang kami ‘don. Mas
okay kami dito sa Pinas. And my
apo is doing very well here.

AILA

Mabuti pa kayo, mam.

LEONOR

Uy huwag ka. Pareho lang
naman tayo ng pinagdadaanan.
Special child din naman yang
apo ko. Pareho ang kirot na
nararamdamn natin.

AILA

At least, kayo may pera, kami
wala. Pang mayaman lang yata
itong autism na ‘to, eh.

Malilito si Leonor sa sagot ni Aila. Mapapaisip siya. Darating ang

pinaorder niyang pizza.

Pagasasalohan ng lahat ang inihandang pagkain. Makikisalo rin si Aila.

INT. NONOY’S BEDROOM – NIGHT

Madilim ang paligid ng kwarto ni Nonoy. Nakaupo si Aila sa tabi ng kama ng bata at pinagmamasdan ang kanyang anak na natutulog.

Biglang huhuni ang thermoter na inilagay ni Aila sa kilikili ng bata. Dalidali niyang babasahin ang resulta. Bigla siyang matataranta at dali-daling kukuha ng gamot sa mesa. Malalaman niyang wala nang laman ang gamot na nakuha niya.

AILA

Pao! Pao! Pao dalian mo!

Agad namang papasok si Pao sa kwarto.

AILA

Yung gamot sa lagnat sa ref,
pakikuha. Ubos na ‘to!

Biglang mawawala si Pao pero agad namang babalik daladala ang gamot. Dalidali niyang bubuksan ito at ihahanda para inumin ng bata.

Kukunin ni Aila ang maliit na tuwalya na nakababad sa tubig at ilalagay sa noo ni Nonoy. Papalag ang bata, at aalisin ang tuwalyang ipinatong sa kanyang noo.

AILA

Noy, please huwag mong kunin,
‘Noy. Para mabawasan ang
lagnat mo.

Papalag si Nonoy. Pupunasan na lang ni Aila ng basang tuwalya ang buong katawan ng bata.   Iiyak si Nonoy.

Pagkatapos mapunasan, papainomin nila ang bata ng gamot sa lagnat. Papalag nanaman si Nonoy, kaya kokombinsihin nila ang bata na masarap ang iinomin niyang gamot.

AILA

Sige na ‘Noy inomin mo ‘to.
Masarap to! Hmmm! Namnam!
Look oh, orange! Yaaaam. Sige

na.

Sisiyasatin muna ng maigi ni NONOY ang inaalok na gamot. Titikman muna niya ito, at nang malasahang matamis, ay iinomin niya ito. Hihiga siya uli.

Mapapansin ni Pao ang isa pang gamot sa itaas ng mesa.

PAO

Ang antibiotic niya, hindi ba natin papainom sa kanya.

AILA

(exasperated)

Eh dinudura niya, eh. Marunong na siyang pigilan yung dropper ng   dila niya.

PAO

Eh subukan pa rin natin. Kesa hindi siya gagaling. Pigilan natin yung ilong niya.

Tutulo ang luha ni Aila, pero tatayo siya at ihanda ang antibiotic.

Ihahanda naman ni Pao ang kumot na ipupulupot sa katawan ng bata para hindi makapalag. Iiyak uli ang bata. Mukhang alam na niya ang gagawin ng tatay niya. Magpupumiglas siya habang binabalot ni Pao ng kumot ang buong katawan niya. Pero malakas si Pao.

Mas lalong iiyak ang bata nang makita niya ang isusubong gamot sa kanya. Pipilitin niyang makawala pero hindi niya ito kaya. Iiwasan na lang ng ulo niya ang dropper na isusubo sa bibig niya.

Dahil sa nahihirapan pa rin silang isubo kay Nonoy ang gamot, magpapasya si Pao na daganan niya sa dibdib ang bata, at hawakan ang ulo nito para hindi na makagalaw.

Pipisilin ni Aila ang ilong ni Nonoy, at dalidaling ipapasok ang dropper sa gilid ng bunganga ng bata. Isang gurgling sound ang maririnig sa bunganga ni Nonoy. Mukhang nainom nga niya ang gamot na pilit na ibinigay sa kanya.

Dalidaling pakakawalan ni Pao ang mahigpit na pagkahawak sa ulo ng bata, at aalisin ang kumot na ibinalot sa katawan niya.

Todo iyak si Nonoy. Pagkalipas ng ilang sandali, ay isusuka niya ang ininom na gamot.

Manghihina ang kanyang mga magulang.

Hihiga si Nonoy pabalik sa kanyang kama. Mayamaya pa ay tatapikin niya ang kanyang dibdib.

AILA

Ano yon, ‘NOY? Masakit?
Giniginaw ka?

Kukunin ni Pao ang kumot at kukumotan ang bata, ngunit inis na itatapon ni Nonoy ang kumot. Tatapikin uli niya ang kanyang dibdib.

Biglang may maaalala si Aila.

AILA (CONT’D)

Ay! Give? Give?

Tatapikin ni Aila ang kanyang dibdib. Tutugunan ito ni Nonoy. Tatapikin din niya ang kanyang dibdib.

AILA (CONT'D)

Give? Give you what? You're
hungry? You want biscuits?

Dalidaling kukunin ni Aila ang biscuit na nakapatong sa mesa, at ibibigay ito sa bata ngunit aayawan ito ni Nonoy.

AILA (CONT'D)

Give what? What do you want?
You want fruits?

Maiinis ang bata at babangon ito. Dederetso siya sa mesa at kukunin ang baso ng juice at dali-daling iinomin. Pagkatapos ay galit itong babalik sa kama at mahiga.

Magtitinginan sina Pao at Aila. Mukhang may naisip silang dalawa.

AILA (CONT'D)

You want more, baby? You want
more? Give juice? Give juice?

Tatapikin ng bata ang kanyang dibdib para sumang-ayon sa alok ng nanay niya.

AILA (CONT'D)

Uy tatay, give juice daw! You
timpla juice for NONOY, hurry!

Magtitinginan uli silang dalawa at dalidaling magtitimpla si Pao ng juice. Palihim niyang hahaluan ang isang petsel ng juice ng antibiotic at ibibigay ito sa bata. Iinomin ni Nonoy ang isang baso ng derederetso.

Hihinga ng maluwag sina Pao at Aila.

INT. APARTELLE – DAY

Tinatapos ni Aila ang kanyang pagliligpit sa kusina. Mapapansin niya si Nonoy na mauupo sa kanyang maliit na mesa. Parang naghihintay siya ng kanilang daily exercise.

AILA

Hala! Ready na ang baby boy?

Tatangotango ng dahandahan ang bata habang nilalaro ang kanyang sippy cup. Ise-set ni Aila ang digital clock to Timer Mode at mag-uumpisang papatak ang bawat segundo ng orasan.

AILA (CONT'D)

Wait lang, baby, malapit nang
matapos si nanay.

Tatapusin ni Aila ang pagliligpit at dederetso sa maliit na mesa ng kanyang anak.

AILA (CONT'D)

Goodmorning, Mr. Paul
Emmanuel Villa. Are you ready
for our class?

Tatangotango ng dahandahan ang bata kahit hindi siya nakatingin sa kanyang Nanay.

AILA (CONT'D)

Your teacher for today is, nanay!
Can you say nanay? Say
naaaa... nay.

Hindi susunod ang bata. Kukuha si Aila ng gummy bears at iaaalok ito kay Nonoy.

AILA (CONT'D)

You want? Give? Give?

Hihikayatin ni Aila si Nonoy na magsa-sign ng give me. Mapipilitan ang batabg sumunod. Ibibigay ni Aila ang kendi.

AILA (CONT'D)

Very good! Yeeeeeeey!

Papalakpak si Aila. Ngingisi naman ang bata at magsa-sign uli ng give me.

EXT. DOWNTOWN – DAY

Naglalakad sa downtown si Aila bitbit ang biniling ukay-ukay. Mapapadaan siya sa Kong Kee restaurant at makikita niya ang ilang taong kumakain sa loob. Mapapansin niya rin sina LORY at GAB, parehong 25 y.o., mga classmates niya sa college.

Dali-dali siyang iiwas at tatangkain niyang tumawid sa kabilang kalsada, ngunit makikita pa rin siya ng mga dating kaklase niya.

LORY

Uy si Aila, oh! Hoy Aila!

INT. KONG KEE RESTAURANT – DAY

Nakaupo silang tatlo at kinu-confirm na ng waiter ang kanilang order.

LORY

Uy sizt, antagal mong nawala.

Mag-aalangan si Aila.

LORY (CONT'D)

Kamusta na pala baby mo? May mga pictures ka?

Kukunin ni Aila ang cell phone niya at proud na ipapakita ang mga larawan ng anak niya.

GAB

Ay sanaol lodi cake ang baby! Pa-mine!

AILA

Charl!

Itutuloy ni Gab ang pagso-scroll ng mga larawan.

LORY

(to Aila)

Uy, akala ko ba babalik ka ng pag-aaral this sem? Anyare?

Hindi sasagot si Aila. kukunin niya ang kanyang cell phone kay Gab at may ipapakita siyang larawan ng isang dokumento kay Lory.

LORY (CONT'D)

Ano to? Diagnostic Report...

GAB

Autism?

Mabibigla sina Lory at Gab.

GAB (CONT'D)

Halaaaaa. OMG!

Mamumula ang mata ni Aila, ngunit pipilitin niyang huwag umiyak.

Yayakapin siya nina Lory at Gab.

GAB (CONT'D)

Sorry, 'di namin alam, sizt.

AILA

It's okay. Keri pa naman.

LORY

Nasa anong spectrum siya?

Nakakapagsalita ba siya?

Iiling lang si Aila.

LORY (CONT'D)

Nagte-therapy na ba siya?

Tatango si Aila.

LORY (CONT'D)

Good. Hopefully, makakarecover

pa.

GAB

Sizt, ipabatak mo kaya ang dungan niya?

LORY

Hoy shungel! Akala ko ba magiging lawyer ka!? Anong batak-dungan yang sinasabi mo?

GAB

Objection! Postmodern lawyer ako. Law is one thing, spirituality is another. Dapat idedefend mo ako dahil magigigng abogado ka rin.

LORY

Ganern?

GAB

Obligasyon ng mga abogado na

pangalagaan ang malayang
pananampalataya, hindi lamang
ng mga dominanteng relihiyon,
kundi pati rin ang katotobong
paniniwala.

LORY

Di wow.

GAB

Sizt, I came from a long line of
babaylan, so I know what I'm
talking about.

(to AILA)

Seryoso ako, sizt. Walang
mawawala kung susubukan mo.
Pero suggestion lang 'yan. I
respect your belief.

AILA

Yeah... but enough about me.
Kayo naman ang sa today's
vidyow! Malapit na kayong

sumablay!

LORY

Awit.

GAB

Please, don't speak bad words naman sizt!

LORY

Kaya nga forda kain ng todo ang mga ferzen, eh. Kakatapos lang ng finals at todo dreadful angst dahil papalapit na ang doomsday.

GAB

God! how to be you, po, Angela Mikhaela Manalo. You're living a blissful life with your family. Tingnan mo kami! Tumataba na sa sobrang stress sa mga punyetang jurisprudence na yan!

LORY

Uy, huwag namang sobrang kabog, sizt.

(to AILA)

Sorry sizt. We sympathize naman sa pinagdadaanan mo, but we’re only human. feeling budol lang kami sa hijo de putang law degree na yan!

AILA

Nakikiramay, mga besh.

GAB

Pero sizt, hindi kompleto ang kompanya natin kung hindi ka namin kasama. Kaya add to cart ka na sa law firm natin ha? Natin.

LORY

Yeah. The dream remains:

Lerona, Quitag & Manalo Legal Services.

AILA

Hoy equis yarn! Huwag na kayong umasa mga besh. Di pa nga ako sumablay ng bachelor’s degree, eh.

LORY

Nonono, sizt. We can wait. Mamimingwit pa naman kami ng mga afam, eh.

GAB

And remember. Alam na alam mo, na dahil sa apelyedo mo, kahit anong kaso ang haharapin, at the end of the day, Manalo, at Manalo pa rin ang magiging last name ng Law firm natin.

Tatawa silang tatlo at magyayakapan. Kapansinpansin ang malaking

lungkot sa likod ng ngiti ni Aila.

INT. COUPLE'S BEDROOM - NIGHT

Nagtutupi ng kanyang mga damit pambahay si Aila. Malalim ang kanyang iniisip. Ilalagay niya sa aparador ang natuping damit at mapapansin niya ang ilang pormal niyang mga kasuotan. Hahaplosin niya ito at mapapaisip. Titingin siya sa salamin at pagmamasdan ang sarili.

Magbibihis siya at susuotin ang isang corporate attire. Papanoorin niya ang sarili sa salamin.

AILA

Your honor.

Hindi siya kontento sa kanyang pagbigkas at iko-correct niya ang kanyang tindig.

AILA (CONT'D)

Your honor.

Biglang sasagot si Nonoy off-screen ng kung anong gibberish at totonog

ang pagbukas ng pinto.

PAO (O.S.)

Pangga?

Pipikit ng mata si Aila sabay hinga ng malalim.

AILA

I rest my case.

Huhubarin nia ang kanyang corporate attire.

INT. KITCHEN - NIGHT

Bubuksan ni Pao ang dala niyang pagkain at ilalagay sa kaserola para initin. Naglalagay naman ng pinggan si Aila sa mesa.

PAO

‘Ga, sasama pala ako kay Boyet sa Sunday. Raraket kami sa Guimaras.

AILA

Anong raraketin niyo doon?

PAO

May wedding doon. Kami magluluto.

AILA

Okay. Bumili ka ng mangga.

Tatango lang si Pao.

AILA (CONT'D)

Kamusta na pala si Boyet? Di na kami nagkikita nun, ah.

May maaalala si Pao.

PAO

last time, nagsuggest siya na ipabatak daw yung dungan ni Nonoy?

Mabibigla si Aila.

AILA

Ganun din yung sinabi ni Gab
kanina. Nagkita kami sa
downtown.

PAO

Gab? Yung classmate mo?

AILA

Oo. Sila ni Lory.

Mapapaisip si Pao.

PAO

Ano sa palagay mo, ‘ga?
Subukan kaya natin.

Makakaramdam ng pagkalito si Aila.

AILA

Ganito na ba tayo ka
desperado?

Maiinsulto si Pao sa sinabi ni Aila.

PAO

Masyado naman yatang mababa ang pagtingin natin sa tradisyonal na pamamaraan, ah. Sana open-minded lang.

AILA

Open-minded ako, Pao. Sa kalagayan natin, maniniwala talaga ako sa kahit anong ikakabuti ng anak ko. Just let me think.

Kikimkimin ni Pao ang namumuong pagkadismaya sa kanyang dibdib. Papatayin niya ang apoy ng gas stove.

INT. APARTELLE - NIGHT

Nakaupo si Pao sa harap ng desktop. Naghuhugas naman ng pinggan si Aila.

Magso-scroll si Pao ng Facebook, at makikita niya ang mga masasayang post ng mga kaibigan niya. Mapapansin ang inggit sa pagmumukha niya. Mayamaya pa, ay may mababasa siyang post tungkol sa isang panawagan tungkol sa nangangailangan ng kidney transplant. Mapapaisip siya.

Mayamaya ay hahanap siya ng mga pictures ni Nonoy. I-uupload niya ito, at susulat ng caption tungkol sa isang fundraising activity na gagawin niya para sa anak. Pero bago niya ma-click ang post, mapapaisip siya ng matagal.

Idedelete niya ang post.

Hindi alam ni Pao, na pinapanood ni Aila ang ginagawa niya. Tutulo ang luha ni Aila.

TRACKING SHOT. OLD ILOILO DISTRICT - DAY

Umaalingawngaw sa isang trompang nakatontong sa bubong ng nakaparadang traysikel ang boses ng isang Pastor na nangangaral tungkol sa muling pagdating ni Hesukristo.

Sa isang mataong sulok, sa gilid ng isang lumang gusaling may mga karatulang Intsik, dadaan sina Aila at Nonoy. Tatanggihan ni Aila ang iaalok na puting envelop ng kasama ng Pastor. Dederetso sila sa isang eskinita patungo sa isang maliit na bubong na nakakabit sa isang malaking pader.

EXT. TIYOY ISING'S HUT - DAY

Dadatnan nila si TIYOY ISING, 60 y.o., sa labas ng kanyang barung-barung na nagso-scroll sa kanyang cellphone. Sa unang tingin, hindi siya mukhang babaylan. Maliban sa hawak niyang cellphone, nakaputing t-shirt lamang siya na may imprinta ng mukha ng isang politiko, at naka-cargo shorts. Subalit, kapansinpansin ang mga tradisyunal na tattoo na nakabalot sa kanyang mga braso at binti. Halata rin ang antigong medalyong kuwentas na suot niya sa sa kanyang leeg.

AILA

Goodmorning...

TIYOY ISING

Ikaw si Aila?

AILA

Opo

TIYOY ISING

At yan ang bata?

Tatango si Aila. Pagmamasdan ng maigi ni Tiyoy Ising si NONOY.

TIYOY ISING

Pasok kayo.

INT. TIYOY ISING'S HUT - DAY

Madilim ang loob ng barung-barung ni Tiyoy Ising. Lilibutin ng paningin ni Aila ang paligid at makikita ang pag-aalinlangan sa kanyang pagmumukha. Pati si Nonoy ay hindi komportable sa pinasukan nilang lugar. Ididikit niya ang kanyang daladalang sippy cup sa kanyang mata, at mapapapikit siya.

Papasok si Tiyoy Ising na suot na ang kanyang tradisyonal na kasuotan. Dala-dala niya ang mga gamit para sa gagawing ritwal.

Aayosin ng babaylan ang mga pagkaing nakahanda sa kawayang

sahig. Sisindihan niya ang bao ng niyog na may lamang kamangyan. Mag-uumpisang lilitaw ang makapal na usok.

Hindi mapakali si Nonoy at tatangkain niyang lumabas ng barung-barung. Pipigilan siya ng nanay niya. Kukunin siya ng babaylan at tatangkaing papaupuin sa gitna ng mga alay na pagkain, ngunit magpupumiglas siya.

AILA

Pwede ko po ba siyang samahan
sa gitna?

Sasamahan ni Aila si Nonoy sa gitna at hahawakan ito ng mahigpit para hindi makawala.

Nang mag-umpisang kalimbangin ng matanda ang antigong palanggana para imbitahan ang mga ispiritu, hindi makakayanan ni Nonoy ang malakas na ingay ng palanggana kaya magwawala siya. Mahihirapan si Aila sa pagpigil sa kanya.

Tatayo si Tiyoy Ising at lalabas. Pagbalik niya, may dala na siyang lubid. Tatangkain niyang igapos ang bata.

AILA

Teka po, sandali, ano po
gagawin niyo?

TIYOY ISING

Itatali natin siya para hindi siya
makagalaw. Nabubulabog na
mga bisita natin, eh.

Bahagyang mabibigla si Aila sa sagot ng matanda. Magdadalawang isip siya, ngunit mangingibabaw ang desisyon na ituloy ang ritwal. Tutulong siya sa paggapos ng bata.

Malilito si Nonoy sa pinagagawa ng nanay niya. Lalakas ang kanyang iyak at pagpupumiglas. Isang matalas na sulyap ang ibabato niya sa kanyang ina, na para bang nanunumbat, at nasasaktan dahil isang pagsira ng kanyang tiwala ang ginagawa ng nanay niya sa kanya.

Tatalikod si Aila at ipapaubaya kay Tiyoy Ising ang pagtali sa bata. Ipipikit niya ang kanyang mata. Kitang-kita sa kanyang mukha na nasasaktan din siya sa piangagawa niya sa anak niya.

Iiyak ng todo si Nonoy na parang biik na iginapos para katayin.

Makakawala ang isang paa niya at masisipa nito ang mga alay na pagkain pati na ang bao ng niyog na may lamang mga baga.

Dali-dali namang titiponin ng babaylan ang mga natapong baga at ibabalik sa bao ng niyog. Sisiguradohin niyang walang matitirang baga na kakalat sa loob ng bahay niya. Titipunin din niya ang mga kumalat na pagkain.

Dali-dali namang pakakawalan ni Aila ang anak sa pagkakatali, at pagkatapos ay yayakapin niya ito ng mahigpit. Ngunit magpupumiglas ang bata palayo sa kanya, at iiyak ito ng takot na takot sa isang sulok.

Iiyak si Aila at tatangkaing mapaamo muli ang bata. Ngunit makikita sa hagolgol ni Nonoy na masyado siyang nasaktan sa pagtraidor ng kanyang nanay sa kanya. Matatagalan bago niya makuhang makalapit uli kay Aila.

Habang nagyayakapan ang mag-ina, magtititigan sina Aila at Tiyoy Ising.

Iiling ang matanda.

INT. APARTELLE - NIGHT

Nakaupo si Aila sa harap ng mesa na parang maamong tupa.

PAO

Akala ko ba pag-iisipan mo pa?
hindi ka man lang nagpaalam.

AILA

May trabaho ka kasi, eh. Ayoko
ko nang maistorbo ka, akala ko
kaya ko naman.

PAO

Eh kinaya mo ba?

Hindi sasagot si Aila. Pupula nanaman ang mata niya ngunit pipilitin niyang huwag umiyak. Tatalikod si Pao sa kanya at kikimkimin ang namumuong galit.

Pagkalipas ng ilang sandali, mapapansin ni Pao si Nonoy na nananahimik sa isang sulok. May makikita siyang kakaiba sa bata. Lalapitan niya ito at biglang tatawagin si Aila.

PAO

Aila, ano to!?

Lalapit si Aila at biglang hihiyaw.

AILA

NOY!!!

INT. TRICYCLE - NIGHT

Namamaga ang mukha ni Nonoy na parang binugbug ng boksingero. Tensyonado ang kanyang mga magulang.

PAO

May pinakain ba ang albolaryo sa kanya? Pinainom?

AILA

Wala nga sabi, eh! Kung doon nanggaling yung allergy e di sana kanina pa namaga ang mukha niya!

Tatahimik silang dalawa.

AILA (CONT'D)

Yung Philhealth mo, updated ang payment mo ha?

PAO

Oo, sigurado ako. Ang tanong, eh, covered ba ng philhealth to, eh special child si Nonoy.

AILA

Eh, hindi naman mental health condition ang allergies di ba?

(to the driver)

Manong, pakibilisbilisan lang po!

INT. EMERGENCY ROOM - NIGHT

Ini-eksamin ng isang DOCTOR, 35 y.o. si Nonoy. Kinakausap din niya sina Pao at Aila.

DOCTOR

Since hindi natin matukoy ang
cause ng allergy niya, at hindi rin
natin alam kung allergic siya sa
mga gamot, iaadmit natin siya for
obsevation.

Magbibigay ng instruction ang doctor sa kasama niyang NURSE 2, 27 y.o., at agad-adad itong tatawag ng mga kasama para maprocess ang admission ng bata.

Lalapit ang isang NURSE 3, 30, y.o., at ipapaliwag ang admission protocol ng ospital. Hihingin niya ang Philhealth card ni Pao, at ipapaliwang na basic services, at sa ward accommodation sila ilalagay.

Walang reklamo sina Pao at Aila, ngunit nang lalapit na ang Nurse 2 na may dalang IV kit at sabihing tuturukan si Nonoy para sa IV fluid, dito na mag-uumpisa ang kaguluhan.

PAO

Teka sandali, hindi ba pwedeng
wala? Hindi to maiintindihan ng
anak ko, aayawan niya ito.

NURSE

Ay required po, ito. Kailangan po natin macontrol yung hydration ng katawan niya at posible po dito rin po iaadminister yung gamot, kung meron man.

PAO

E di ba pwede papainomin na lang namin siya regularly? Naku, siguradong maghuhuramentado ito.

NURSE

Eh sir, hindi po pwede, ito yung prescribed ng doctor so dapat po nating sundin.

Walang magawa sina Pao at Aila. Ihahanda nila ang kanilang sarili sa kaguluhang mangyayari.

Uumpisahang linisin ng Nurse 2 ang kamay ng bata. Aayawan ni Nonoy ang ginagawa ng Nurs, at mag-uumpisa na ang paghuhuramentado

nito.

INT. HOSPITAL WARD - NIGHT

Dadalhin ang nagwawalang si Nonoy sa loob ng hospital ward. May nakakabit nang IV sa kanyang kamay at pipilitin nitong alisin ang kamay niya. Pipigilan naman siya ng kanyang magulang.

Punong-puno ang ward at maraming maeeskandalong pasyente at bantay sa ingay na ginagawa ni Nonoy. May ilang bantay ang lalapit sa kanila at mang-uusyoso.

Walang humpay ang pagpupumilit ni Nonoy na matanggal ang karayom na nakaplaster sa kamay niya.

Mapapatingin si Aila sa mga tao at makikita nyang kahit di umiimik ang mga ito ay hindi sila kumportable sa gulong ginagawa ng anak niya. Hiyang-hiya siya sa eskandalong dulot nila.

AILA

Lilipat na lang kaya tayo ng private room?

Mapapaisip si Pao. Lilingon-lingon siya ang paligid.

PAO

Sandali. Maghahanap muna ako
ng mauutangan.

Lalo pang lalakas ang iyak at pagpupumiglas ng bata.

Maiisipan ni Aila na kunin ang kanyang cellphone. Hahanapin niya ang isang cellphone number. Mapapakunot noo si Pao, magtataka kung sino ang tatawagan ng kinakasama niya.

AILA

Hello? Ma? Nasa ospital kami.

Mabibigla si Pao sa kanyang maririnig.

INT. PRIVATE ROOM - NIGHT

Papasok sina Pao at Aila sa isang private room ng ospital. Karga ni Pao si Nonoy na patuloy pa rin ang malakas na pag-iyak. Susunod si Aila kasama ang ang NURSE2 na hawak ang IV ni Nonoy.

Ayaw ni Nonoy na mahiga sa kama at pagpapasahan nina Pao at Aila na kargahin ang bata.

Mayamaya, mas pipiliin ni Nonoy na magpakarga sa nanay niya, at gusto niyang lumayo ang tatay niya sa kanya.

Walang magawa si Pao kundi manahimik sa isang sulok. Maghahanap siya ng ibang paraan kung paano makatulong kay Aila sa pagkarga ng bata, ngunit wala talaga siyang makitang solusyon. Makikitang masasaktan siya, hindi lamang dahil sa ayaw ni Nonoy na lumapit sa kanya, kundi parang wala siyang silbi sa pagkakataong ito.

Mapapagod na si Aila at hindi na niya kayang kargahin pa ang bata kaya magpapasya siyang sumandal sa pinataas na kutson ng hospital bed habang karga pa rin si Nonoy.

Magpupumilit si Nonoy na tumayo ang nanay niya habang karga siya ngunit hindi na talaga kaya ni Aila kaya lalong lalakas pa ang iyak ng bata.

Maya-maya ay mapapagod na rin ang bata. Makakatulog ito sa bisig ng nanay niya.

Pagkalipas ng ilang sandaling pananahimik, si Aila naman ang hahagulgul ng iyak.

PAO

Hindi mo na kaya?

AILA

Pagod ako. Napapagod ako. Di naman masamang aminin ‘yon di ba?

Tatahimik lang si Pao.

AILA (CONT’D)

Pao, baka kailangan na natin ang tulong ni mama.

Isang masakit na sulyap ang isasagot ni PAO.

AILA (CONT’D)

Nabawasan pa ang ipon natin dahil dito, hirap na nga tayong kumita e. Malaking bawas kung

di na tayo nagbabayad ng renta
sa bahay.

PAO

And so you mean dun tayo titira
sa kanya? Nangutang ka na nga
na di mo muna ako hinahayaang
makadelihensya tapos dun tayo
maninirahan sa kanya?

AILA

Inaaral ko lang naman ang
posibilidad.

PAO

Baka nakalimutan mo kung bakit
tayo lumayo sa kanya.

Hindi sasagot ng agaran si Aila.

AILA

Nagbabago rin ang tao, Pao.

PAO

Talaga ha?

AILA

Eh ano pa nga ba ang magagawa natin? Ito na ang pinakatodo natin. Pero sapat na ba ‘to, Pao? Happy ka na ba sa ginagawa natin sa anak natin?

Hindi makasagot si Pao.

AILA (CONT’D)

Okay sa akin ang gumapang sa kahirapan. Ginusto ko to. Pero ayokong idamay ang bata. Bigyan naman natin siya ng pagkakataong mabuhay ng maayos.

Makakaramdam ng panghihina si Pao. Sasampa siya sa isang upuan. Maghahari ang katahimikan sa loob ng madilim na kwarto.

INT. CAR - DAY

Tahimik ngunit tensiyonado sina Pao at Aila habang nakaupo sa loob ng sasakyan. Tahimik din si Nonoy, mukhang pagod pa, at nakasandal siya sa nanay niya. Nakaupo sa harapan si Deborah, sa tabi ng driver. Tahimik din siya, minamatyagan ang modo ng dalawa.

Hihinto ang sasakyan malapit sa inuupahan nilang apartelle.

EXT. APARTELLE - DAY

Dederetso si Pao at Nonoy paakyat sa kanilang inuupahang bahay. Maiiwan sina Aila at Deborah sa baba ng apartelle.

Maiilang si Aila pero pipilitin niyang harapin ang mama niya. Umaasa naman si Deborah na kakausapin siya ng anak niya.

AILA

Thank you, po.

DEBORAH

Thank you din, anak.

Magyayakapan silang dalawa. Sa una ay kontrolado ni Aila ang pagyakap sa ina. Maluwag, may distansiya. Ngunit pagkalipas ng ilang sandali ay hihigpitan niya ang pagyakap sa kanyang ina. Susuklian din ni Deborah ng mas mahigpit na yakap ang ginawa ng anak. Parang ayaw na nilang pakawalan ang isa't-isa.

DEBORAH

Kung may kailangan ka,
tumawag ka lang, anak. And if
you change your mind, tandaan
mo ang sinabi ko nang magkita
tayo nang isang araw. Welcome
kayo ni Nonoy sa bahay.

Maririnig ni Pao ang sinabi ni Deborah dahil bababa siya para kunin ang mga naiwang gamit. Tahimik niyang bubuhatin ang naiwang gamit at babalik siya sa itaas.

Babalik si Deborah sa kanyang sasakyan.

Hihintayin muna ni Aila na makaalis ang sasakyan bago siya aakyat sa apartelle.

INT. APARTELLE - DAY

Papasok si AILA at madadatnan si Nonoy na tahimik na naglalaro sa kanyang mesa. Nakaupo naman si Pao habang nagmumunimuni sa sofa.

Uupo si Aila sa tabi ng kinakasama. Pagkalipas ng ilang segundong katahimikan, ay ipapatong ni Aila ang kanyang hita sa hita ni Pao. hihimasin ito ni Pao.

PAO

Magagawa ba natin to sa bahay ni mama mo?

AILA

Sa loob ng kwarto.

Katahimikan.

PAO

Sabi mo, hindi kayo nagkita ng mama mo.

Mabibigla si AILA.

AILA

She’s offering a good deal, Pao.

Hahawakan ni Aila ang tuhod ni Pao, at tititigan ito ng masinsinan.

AILA (CONT’D)

Believe me, sya ang
pinakahuling tao na hihingan ko
ng tulong. Pero kasi sya rin ang
kaisa-isang pamilya ko. No
offense, pero wala naman
tayong matakbuhang kapamilya
mo, di ba? Mahal natin si Nonoy
di ba? Ba’t di natin gawin ‘to para
sa kanya?

Hindi sasagot si Pao. Walang reaksyon na makikita sa kanyang mukha.

AILA (CONT’D)

Hindi kita minamadali. Pero
please, pag-isipan mo.

Tatayo si Aila at papasok ng kwarto.

INT. APARTELLE - DAY

Abala si Aila sa pag-aayos. Kakatapos lang niyang maglagay ng makeup at inaayos na niya ang kanyang dadalhing bag.

Samantala, naglalaro lang si Pao sa kanyang cell phone, habang abala si Nonoy sa kanyang sariling mundo.

AILA

Yung pagkain ni Nonoy, huwag mong ibigay lahat. Paglalaruan lang naman niya ‘yan. Sayang naman.

Hindi kikibo si Pao.

AILA

Pagmagwiwi, magtoothbrush, paghumingi ng pagkain, yung task cards ha? Huwag kalimutan,

yung mga pictures, ipakita sa
kanya, para ma associate niya
ang picture sa activities niyo.

PAO

(impatient)

Okaaay.

AILA

Okay okay ka diyan, tama na
yan!

Aagawin ni Aila ang cell phone ni Pao at ilalagay sa sofa.

AILA (CONT'D)

Now, how do I look?

PAO

hmmm...

Isang malamyang kibit-balikat ang isasagot ni Pao. Tatalikod siya at kunwari ay magliligpit ng mga gamit.

AILA

Huhu medyo ninenerbyos ako!

Lalapit si Aila kay Nonoy.

AILA (CONT'D)

Bye baby boy! Huhuhuhu, mami-
miss kita!

Hahagkan ni Aila ang kanyang anak. Ngingiti si Nonoy at papalakpak. Aalis si Aila.

Ihahatid ng mga mata ni Pao ang kanyang kinakasama hanggang mawala ito sa kanyang paningin. Nang tuluyan nang mawala si Aila, kukunin niya ang kanyang cell phone at magpapatogtog ng isang Hiligaynon rap music.

Kukunin ni Pao ang picture ng may imahe ng libro sa task rack. Dadaanan lamang niya ang digital clock. Ipapakita niya ito kay Nonoy, sabay dala sa bata sa kanyang mesa bilang hudyat na mag-aaral sila ng tatay niya.

PAO

Study. Nonoy, stuuuudy. Study.

Uupo ng sandali si Nonoy at susunod sa ilang utos ng tatay niya, ngunit pagkalipas ng ilang sandali ay tatayo ito, at magsasayawsayaw habang nilalapit sa kanyang mata ang sippy cup para lalaro-laroin.

Ibabalik siya ni Pao sa mesa, at uulitin ang pinapagawa niya, ngunit muli't muli ay hindi magtatagal si Nonoy sa kanyang mesa.

PAO (CONT'D)

Okay, okay, praktis na lang tayo
ng pagtawag mo sa akin. Say,
taaaa-tay. Tatay.

Hindi man lang siya papansinin ng bata kahit na hinahawakan na niya ito, at pilit na pinapahaharap sa kanyang mukha para sundin ang pagbuka ng bunganga niya.

Titirik ang mata ni Nonoy para makaiwas na makatingin sa mata ng tatay niya. Tatawatawa lamang siya at tatangotango ng kanyang ulo.

Hahayaan na lang muna ni Pao na mag-enjoy ang anak. Papanoorin na lamang niya ito.

EXT. SPECIAL SCHOOL – DAY

Papasok sina Pao at Nonoy sa loob ng special school. Sasalubungin sila ni Teacher Anne.

TEACHER ANNE

Hello Mr. Paul! Hello po, you must be Mr. Villa.

PAO

Hello. Paolo. Pao na lang.

TEACHER ANNE

Nice to meet you, po. Sige po, papasok po muna kami ni Mr. Paul. Maiiwan po muna namin kayo.

PAO

Sige.

Hahanap si Pao ng matatambayan. May makakasalubong siyang isang

lalaki na maghahatid din ng isang special child, si DAN 30 y.o.

Mauupo si PAO sa isang bakanteng bangko malapit sa mga nagkukupulang mga yaya. Mapapansin niyang halos lahat na naghihintay ay babae. Babatiin niya ang ilan dito. Mapapansin niyang may iilan ring mga lalaking lumalabas-pasok sa eskwelahan.

Tatayo siya at lalabas ng school.

EXT. SARISARI STORE – DAY

Sa labas ng eskwelahan, may mapapansin si Pao na isang sarisari store na may mga mesang nakalatag sa tabi. Nagtitinda ng kape ang nasabing sarisari store. Papasok si Pao rito.

Oorder si Pao ng kape at mauupo sa isang mesa. Sa isang sulok, may mapapansin siyang pamilyar na mukha. Maaalala niya na isa ito sa mga lalaking naghatid din ng bata sa loob ng special school. Si Dan. Mamumukhaan din siya ni Dan at babatiin siya nito sa pamamagitan ng pagtango ng ulo. Lalapitan ni Pao si Dan.

PAO

Pre, ikaw ba iyong nakita ko sa

loob ng school?

DAN

Parang ako nga, yata. Daniel, pre. Dan na lang.

Magkakamustahan silang dalawa.

PAO

Paolo. Pao na lang, din. Anak mo yung inihatid mo?

DAN

Oo, pre. Ikaw din?

PAO

Oo, pero bagong salta lang. Uh... asawa ko yung naghahatid dati, eh.

DAN

Ay, same here. Don’t tell me, ofw ka rin.

PAO

Ay hindi. Recently unemployed. Hehe.

DAN

Ah, so si misis yung ofw?

PAO

Hindi rin, eh.

DAN

Ay, sorry. Ambilis kong mag-assume. Pero alam mo naman dito sa atin, halos lahat na nag-aabroad.

PAO

Oo nga e.

Awkward silence.

DAN

So ikaw yung nag-aasikaso sa loob ng bahay?

PAO

Oo.

DAN

Congrats, pre. Gusto ko rin sana ng ganyan. Nakakapagod ding magtrabaho sa labas.

PAO

Palit na lang kaya tayo? Ako naman ang mag-aabroad?

DAN

Haha! Huwag siguro ngayon.

PAO

Dahil?

DAN

Alam mo na. Sa sitwasyon

nating may anak na ganito, hindi
ko maimagine na manatili sa
bahay.

PAO

Kung sa bagay,Nakakatakot
mag-alaga ng bata, lalo na
pagspecial child. Pero
kakayanin.

DAN

Oo nga, pero isa lang yan sa
mga rason, eh.

Mako-curious si Pao.

DAN(CONT'D)

Nasanay akong magtrabaho pre.
Breadwinner, alam mo na. Sa
panahon ngayong mahal pati
sibuyas, kailangan natin ng
greener pasture, eh.

Tahimik lang si Pao.

DAN(CONT'D)

No offense pre. Kaya nga sabi ko, bilib ako sa 'yo eh.

Ngingiti lang si Pao, sabay iling ng ulo.

PAO

Kung may pagkakataon lang, pre, lalabas din ako sa lugar na 'to.

DAN

Pero maganda naman dito sa atin, ah. Lalo na ngayon, sosyal na ang dating.

PAO

Oo nga. Eh. Mukhang pangmayaman na nga talaga. Ito pala ang kapalit para matawag itong City of Love. Masakit na sa

bulsa.

Mapapatawa si Dan.

INT. APARTELLE - DAY

Sa task rack, kukunin ni Pao ang picture na may imahe ni Nonoy na naliligo. Ipapakita niya ito sa bata, sabay senyas ng ‘bath.’

PAO

Bath. Take a bath tayo ha? Bath.
Say bath nga? Bath.

Parang wala man lang naririg si Nonoy sa sinasabi ng tatay niya. Papatikin lamang niya ang picture at susunod sa tatay niya papuntang banyo. Papaliguan siya ng tatay niya.

Pagkatapos mabihisan, mag-aalmusal silang dalawa. Tuturuan ni Pao si Nonoy na gumamit ng kutsara at tinidor. Mahihirapan ang bata at magpupumilit na susubuan na lang siya ng tatay niya.

PAO (CONT’D)

Do it yourself, Noy, do it yourself.

Itatapon ni Nonoy ang kutsara, sabay sunggab ng isang chicken nugget at isusubo.

PAO (CONT'D)

(loudly)

Uy wait muna! Wait muna next time, ha?

Pupulutin ni Pao ang kutsara at pagkatapos ay ilalayo ang natirang nuggets sa bata. Magrereklamo si Nonoy.

PAO

You want? So, give. Give.

Tatapikin ni Nonoy ang kanyang dibdib, na ibig sabihin ay 'give me.'

PAO

Ayan, very good! Papano ba magsign ng thank you? Thank you!

Magsa-sign si Pao ng thank you, pero give me pa rin ang sign na

isasagot ni Nonoy sa kanya.

PAO

Thank you muna. Sige na, thank you!

Maiinis ang bata at magdadabog. Susubuan siya ng tatay niya ng nuggets.

Makikita sa pagmumukha ni Pao na nawawalan siya ng pasensiya. Tititigan niya ang anak.

Mapapalitan ng saya ang kanyang pagmumukha pagkatapos makita si Nonoy na napapapikit ito sa sarap ng kanyang kinakain. Guguluhin ni Pao ang buhok ng anak sabay ngiti.

INT. CALL CENTER OFFICE - DAY

Abala si Aila sa pagsagot sa isang galit na customer sa kabilang linya. Mukhang pagod na pagod na siya.

AILA

Okay, please hold the line, sir.

I'll... It will only take a few sec...
Yes, sir, I fully understand, but
you need to... I'm sorry sir, but I
can't address your concern if you
keep on shouting... I can help
you better if... sir?...

Tatapikin ang kanyang balikat ng kasama niya sa trabaho na si MAY, 24 y.o. Maghihintay ito sa tabi niya. Sesenyas si Aila ng maghintay lang sandali.

AILA (CONT'D)

Hello? Hello, sir?

Ibababa ni Aila ang kanyang headset at mapapabuntong-hininga.

AILA

Pwede bang mangkulam na lang
ng customer?

MAY

Tama na yan, quotang quota ka
na, mars, ano ka ba? Walwal na

tayo, kanina pa sila naghihintay.

AILA

Sandali, magpapaalam muna ako kay Pao. hindi ako nakapagpaalam kanina, eh. Mauna ka na lang, susunod na ako.

MAY

No! hindi ako aalis dito hangga't hindi ka sumasama.

Kukunin ni Aila ang cell phone niya at tatawag.

AILA

Pao?

INT. CLUB - NIGHT

Halos nagsisiksikan ang mga taong sumasayaw sa dance floor. todo bigay rin si Aila sa pagsasayaw kasama ang kanyang bagong barkada. Bawat galaw at hiyaw niya ay nagpapahiwatig ng paglalabas ng kung

anong natatagong sama ng loob, at makikita ang relief sa kanyang mukha.

Pagkatapos ng ilang sandali ay magpapahinga sila. Yayain ni Aila si May na lalabas muna.

EXT. ROOF DECK - DAY

Lalabas sina Aila at May sa club at maglilibot sila sa roof deck. Pagmasdan ni Aila ang paligid ng modernong distrito ng Iloilo at mamamangha siya sa kanyang makikita.

Magpapaiwan si Aila sa isang sulok nang yayain siya ni May na makihalobilo sa isang grupong bagong dating.

Nang maiwan, lalapit si Aila sa gilid ng roof deck para pagmasdan ng maigi ang mga naggagandahang ilaw sa baba. Hindi mawawala ang ngiti sa kanyang mukha. Mapapahinga siya ng malalim na parang nabunutan ng isang malaking tinik ang kanyang dibdib.

Maya-maya, kukunin niya ang kanyang cellphone para matingnan ang oras. 1:49 am. Bubungad din sa screen   ang kanyang wallpaper na picture nina Nonoy at Pao. Mapapalitan ng isang pag-aalinlangan ang

ngiting nakapako sa kanyang mukha. Mapapatingin siya sa malayo at mapapabuntong-hininga.

INT. APARTELLE - DAY

Naglalaro si NONOY ng kanyang sippy cup sa isang gilid. nagso-scroll naman si Pao ng fb sa kanyang cellphone. Maya-maya, may lalabas na isang memory sa kanyang wall. Isa itong video. ipi-play niya ang video at malalamang awarding ceremony pala ito ng CineKasimanwa Film Festival at tatanghalin si Pao at ang kanyang pelikula na Best Director at Best Picture.

Mapangiti si Pao habang pinapanood niya ang video. Maya-maya ay iso-scroll niya ang mga comments at may isang comment siyang mababasa na mapapatigil siya: “Cinemalaya na yarn!”

Mapapaisip si Pao. Maya-maya ay magbubukas siya ng word up sa kanyang cellphone at magta-type: LOGLINE.

Mag-iisip siya ng masusulat, ngunit parang wala siyang maisip. Pagmamasdan niya si Nonoy. Isang malaking pagkalito ang guguhit sa kanyang mukha. lalabas siya ng bahay. Maiiwan niya si Nonoy sa loob.

EXT. HOUSE - DAY

Mapapabuntong-hininga si Pao. sasandal siya sa tabi ng pinto at papanoorin ang mataas na firewall sa harap ng kanilang bahay.

Bubukas ang pinto. Makikita niya si Nonoy na nakatingin sa kanya. Mukhang hinihintay siya ng bata. Papasok siya sa loob.

INT. NONOY’S BEDROOM - DAY

Aakayin ni Nonoy si Pao papasok ng bahay. Magtataka siya kung saan siya dadalhin ng kanyang anak.

Papasok sila sa kwarto ng bata, at papahigain siya ni Nonoy sa kanyang kama. Nang makahiga na siya, laking gulat niya nang tabihan siya ng bata, at kunin ang kanyang kamay para tapikin ang kanyang likod para makatulog. Mapapangiti siya at yayakapin ng mahigpit ang anak.

Ngunit hindi kaagad makatulog ang bata. Lalaruin siya nito at masaya silang magkukulitan habang nakahiga. Mayamaya ay mapapansin ni Pao ang picture niya at ni Aila sa dingding. Ituturo niya ito sa bata, sabay bigkas ng tatay.

Tatawatawa lamang si Nonoy pero nag-a-eye contact na ito sa kanya, sa kada banggit niya ng salitang tatay. Hahawakan niya ang panga ni Nonoy at susubukan talaga niyang sumunod ang bata sa kanya.

Makikiliti si Nonoy at imbis na magtatawagan sila ng tatay ay tatawa na lang silang dalawa.

INT. COUPLE'S BEDROOM - NIGHT

Nakahiga si Pao sa kanilang kama, at naglalaro sa kanyang cellphone. Abala naman si Aila sa paghanda para pumasok sa trabaho. Pagkatapos maglagay ng makeup, dali-daling lalabas ng kwarto si Aila na hindi na magpapaalam. Maririnig na lamang ni Pao ang pagpapaalam ni Aila sa bata, at pagsara ng pinto ng sala.

Tatayo siya at sisilipin nanaman sa bintana ang pag-alis ni Aila.

INT. HOUSE - DAY

Bagot na bagot nanaman si Pao sa pagpilit kay Nonoy na gawin ang mga educational tasks niya.

PAO

Okay, Noy, what color? What color? Red. Red, okay? Red. Touch the color red. Where's red? Sige na, Noy. Sige naaaa...

Hindi talaga interesado ang bata, at ito ay aalis sa kanyang upuan.

PAO (CONT'D)

Noy, come back here. Oh, here's your gummy, oh. That's the color of gummy?

Kukunin lang ni Nonoy ang kendi at kakainin, ngunit tatabigin niya ang mga colored blocks na binibigay sa kanya ng tatay niya na dapat niyang i-sort.

Mawawalan ng pasensiya si Pao at itatapon na rin niya ang mga naiwang mga laruan sa mesa.

Matutuwa si Nonoy sa pinagagawa niya, kaya imbis na mainis ay tuwang-tuwa itong itapon ang iba pang laruan ni Nonoy.

Mas magagalak ang bata, kaya pati ang mesa ay itutulak niya na rin, pati ang maliit na silyang inuuupuan niya. Mahahagip ng itinulak ni Pao ang Digital clock at mahuhulog ito sa sahig at masisira.

Siya na ngayon ang susunod kay Nonoy na magsasalita ng gibberish. Pati ang pasayawsayaw ng bata ay susundin niya.

Tuwangtuwa silang mag-ama sa pinaggagawa nila hanggang mahiga si Pao sa sahig at masayang pagmasdan ang malayang paglalaro ng bata.

INT. APARTELLE – NIGHT

Madilim ang paligid at papasok si Aila. Mukhang nakainom ito at sinisigurong maayos ang kanyang paglalakad. Ipapatong niya ang kanyang bag sa mesa.

Mapapansin niya sa dilim ang nagkakalat na mga laruan at gamit sa paligid.

Pupunta siya sa kanilang kwarto at mapapansin na wala si Pao doon.

Lilipat siya sa kwarto ni Nonoy. Doon niya makikita ang tahimik na

natutulog na mag-ama.

Luluhod si Aila ng sahig at tatangkain niyang ligpitin ang mga kalat. Mapapansin niya ang digital clock na hindi na gumagana. Kukunin niya ito at tatangkaing ayosin, ngunit mukhang hindi na talaga ito gagana. Mapapasandal siya sa isang sulok at makakaramdam ng lungkot.

Tatangkain niyang tumayo ngunit mahihilo siya kaya bigla siyang mapapaupo uli at matatabig niya ang kanyang mga niligpit.

Kakalat uli ang mga laruan sa sahig. Bahagya siyang matatawa sa sarili ngunit mapapalitan din ito ng pagkabahala.

INT. COUPLE’S BEDROOM – NIGHT

Papasok si Pao sa kanilang kwarto na mukhang nagising lang mula sa mahimbing na pagkatulog sa kwarto ni Nonoy. Nagbibihis si Aila ng damit pantulog.

PAO

Andito ka na pala.

Hindi sasagot si Aila.

Mahihiga silang dalawa sa kanilang kama. Habang pahiga, hahalikan ni Pao si Aila at lalambingin.

AILA

Pagod ako.

Agad tatalikod ang babae. Mawawalan ng gana si Pao. Tatalikod na rin siya.

INT. HOUSE - DAY

Enjoy na enjoy si Nonoy sa paglalaro sa loob ng labador na puno ng tubig. Ginagawa niya itong swimming pool. Tuloy tuloy ang andar ng gripo at halos bumabaha na ang buong bahay dahil natakpan ng labador ang drainage.

Mahimbing naman ang pagkatulog ni Pao na may makapal nang bigote. Hindi niya alintana ang pinagagawa ng kanyang bata.

Papasok si Aila at kapansinpansin na rin ang pagbabago ng kanyang mukha at pananamit. Maganda, malinis, corporate. Makikita niya ang ginagawa ng bata. Ibabagsak niya ang kanyang bag ng malakas at

magdadabog habang kinukuha ang bata para bihisan.

Maaalimpungatan si Pao, magkakamot ng ulo, tatayo at kukuha ng mop.

INT. NONOY'S BEDROOM- NIGHT

Mangiyakngiyak si Aila habang binibihisan si NONOY. Mauupo siya sa kama pagkatapos niyang mabihisan ang bata. Makikita niya ang magulong ayos ng kwarto pati na ang tumatagilid na larawan nilang dalawa ni PAO. Aayosin niya ito.

Tatangkain din niyang ayosin ang ilang kalat pero makikita niya na pinasok rin ng tubig ang kwarto ni Nonoy.

Lalabas siya sandali at pagbalik niya ay may dala na siyang basahan. Pupunasan niya ang basang parte ng kwarto ni Nonoy.

INT. APARTELLE - NIGHT

Lalabas si Aila galing sa kwarto ni Nonoy na dala ang basahang ginamit niyang pamponas. Makikita niya na nagma-mop pa ng sahig si Pao.

Dadalhin ni Aila ang dala niyang basahan at babanlawan ito sa lababo.

AILA

Akala ko ba, tutulungan mo ko, Pao.

PAO

Anong ibig mong sabihin?

AILA

Eh ano ba tong nangyayari sa atin? Kay Nonoy?

PAO

Eh ano ba ine-expect mo? Akala ko ba tanggap mo siya kung ano man siya?

AILA

Wala akong problema sa bata. The point is, parang hindi mo na siya tinuturuan dito sa bahay.

Kukuha ng bwelo si Pao.

PAO

Nag-aaral naman siya, di ba? From twice a week, nagta-thrice a week na nga tayo, sa school, excluding pa yung swimming niya.

AILA

So you mean ipapaubaya mo lahat sa eskwelahan?

PAO

Aila, nakakapagod ang ginagawa nila sa school. Pati dito, kung uulitin pa natin, eh paano na makapag-enjoy ang bata? Let this home be his freedom zone.

AILA

Anong freedom zone? Pao, ang objective ng homework niya ay

para hindi niya malimutan yung
mga skills na tinuturo sa kanya.
Malilimutin kasi silang mga bata,
eh.

PAO

Ayokong maging robot ang anak
ko. Isasakripisyo ba natin yang
childhood fun niya para lang sa
ilang skills na ibang tao lang
naman ang makikinabang?

AILA

Eh tayo rin naman mahihirapan
kung hindi siya matototo paglaki
niya, ah. Paano kung hindi na
natin siya kaya?

PAO

Para hindi tayo mahihirapan,
pahihirapan natin ang bata.
Ganun?

Magagalit si Aila.

AILA

Akala mo ba nagugustuhan ko ang pinapagawa natin sa kanya?Pinipilit kong gawin to dahil ito ang alam ko na mabuti sa kanya.

PAO

Eh hindi ba mabuti ang nageenjoy siya dito sa bahay? Aila, dito lang siya maligaya. Dito lang walang bawal sa kanya. Hindi dahil sa wala akong pakialam sa development niya. Let the school be his training ground. Let this home be a home.

AILA

Home ba tawag mo dito, Pao.

Ituturo ni Aila ang mga kalat.

PAO

Masyado naman tayong concerned sa order, eh. Lahat, dapat organisado, lahat dapat in conformity. Hindi ba pwedeng organic lang? bahay naman natin, to eh.

AILA

Tamad ka lang.

Tatahimik si Pao. Halatang nainsulto sa sinabi ni Aila. Lalabas siya.

INT. NONOY'S BEDROOM - NIGHT

Tahimik lang na naglalaro si Nonoy ng kanyang sippy cup. As usual, nilalagay niya ang cup malapit sa kanyang mata at sinisilip ang tubig sa loob.

pagkalipas ng ilang sandali, ibababa niya ang kanyang sippy cup at pagmamasdan ang larawan ng kanyang nanay at tatay. papanoorin

niya ito ng maigi. Tatawa siya habang hinahawakan ang mga larawan.

INT. APARTELLE – DAY

Nagbibihis si Aila para pumunta sa trabaho. Naglilinis naman ng kanyang lumang camera gears si Pao. Hindi sila nagkikibuan. Lalapit si Aila kay Nonoy at magpapaalam.

AILA

Bye, baby. Ingat ka dito ha?
Love you.

Aalis siya na hindi magpapaalam kay Pao. titingnan lang ni Pao ang pagsara ng pinto at agad namang babalik sa paglilinis ng kanyang gears.

Susubukan ni Pao ang kanyang camera. Kukuha siya ng picture ni Nonoy. Magvivideo din siya.

Mayamaya ay tatayo si nonoy sa gilid ng dingding at iihi.

PAO

Hoy huwag diyan! Sa banyo!

Pasok sa banyo!

Tatawa lang ang bata na parang alam na isang kapilyohan ang kanyang ginagawa. Tatakbo rin ito sa banyo pagkatapos makita ang tatay niyang papalapit na sa kanya.

INT. HOUSE - DAY

Ilalagay ni Pao ang kanyang camera sa loob ng bag at sisiguradohin na maayos si Nonoy bago lalabas ng bahay.

Sasaglit siya kay Maring, na sobsob naman sa paglalaba.

PAO

Uy Maring, pwede bang pakisulyap lang kay Nonoy sa taas? Sasaglit lang ako kena Boyet.

MARING

Hay, medyo marami akong ginagawa ngayon, eh. Baka hindi ako makakaakyat.

PAO

Sandali lang naman ako, diyan kena Boyet. Pakitanaw na lang dito. Wala naman sigurong mangyayari.

MARING

O sige, basta dito lang ako ha? Medyo maramirami pa ‘to.

PAO

Oo sige salamat ha?

INT. BOYET’S RESIDENCE - DAY

Papasok si Pao sa bahay nina Boyet na may birthday sa araw na iyon. May nag-iinoman at isa na doon si DIREK EMAN, 26 y.o., ang kaibigang direktor ni PAO.

DIREK EMAN

Bagis!

Lilingon si Boyet.

BOYET

Hoy, gago, bakit ngayon ka
lang?

PAO

Pasensiya, bumebwelo pa. Alam
mo na. Happy birthday, migs!

Ibibigay ni Pao kay Boyet ang dala niyang bag na may lamang camera gears.

BOYET

Uy, thank you migs! gift mo?

PAO

Gago, sabi mo hihiramin mo
lang? Huwag mo nang arborin,
yan na lang natira sa akin.

BOYET

Gago, joke lang! Oh shot na!

Pre!

Sisinyas si Boyet sa isang kasama na bigyan ng isang bote ng beer si Pao.

PAO

Uy, huwag muna walang kasama si Nonoy sa bahay. Pumunta lang ako dahil sa camerang hihiramin mo.

BOYET

Talaga? Akala ko ba dahil andito si direk Eman at kakausapin mo siya para mag-collab kayo?

Mapapa-wow ang mga kainuman ni DIREK EMAN. Mukhang mae-excite naman si Direk Eman. Halatang naembarras si Pao.

DIREK EMAN

Of course, looking forward to that, tol! It’s about time!

PAO

Ah, oo, looking forward din direk!
icha-chat nga sana kita, pero,
naunahan lang ako ng gagong
‘to.

Kukuha ng beer si Boyet at iaabot kay Pao.

BOYET

Upo ka na. Cinemalaya na this!

PAO

One bot lang to guys ha? direk?
Wala talagang bantay si Nonoy,
eh.

DIREK EMAN

Ayos na yan, marami na tayong
mapag-usapan sa one bot na
yan!

Magcha-chant sina Boyet.

BOYET

(with drinking buddies)

Cine-malaya, Cine-malaya,

Cine-malaya!

INT. APARTELLE – DAY

Mag-isang naglalaro si Nonoy sa sala. Maya-maya ay mararamdaman niyang nag-iisa siya. Titingin siya sa paligid, at maglilibot sa loob ng bahay.

Iihi siya sa isang gilid ng bahay, at pagkatapos ay lalapit sa kusina at mapapatingin sa isang mineral water container na nakapatong sa lababo. Mukhang nauuhaw siya.

Bubuksan niya ang gripo ng mineral water at lalaro-laroin ang dumadaloy ng tubig. Tatangkain niyang uminom ng deretso sa dumadaloy na tubig ngunit hindi niya kayang uminom sa ganitong paraan.

Mapapansin niya ang rack ng mga baso at gusto niyang kumuha ng isa ngunit hindi niya ito maabot. Mapag-isipan niyang hilahin na lang ang buong rack at mahuhulog ang ilang baso kasama ang ilang mga

babasagin.

Mababasag ang isang baso sa sahig.

INT. BOYET'S RESIDENCE - DAY

May dalawang bote na ng beer na walang laman sa harap ni Pao. At may hinahawakan pa siyang isa na halos ay mauubos na rin.

PAO

Yun na nga, eh. I don't want to capitalize on our personal miseries.

DIREK EMAN

Eh, yun ba ang point ng pagawa mo ng pelikula? Ang kumita ng pera? Hindi ba puwedeng gusto mo lang magshare ng sarili mong truth?

Mapapaisip si Pao.

DIREK EMAN (CONT'D)

Alam mo na yan. It all goes back to your own truth. Truth doesn't have to coincide with your own reality, di ba? That's the beauty of fiction. Natutulungan ng kasinungalingan ang pag-alsa ng katotohanan.

Tatamaan si Pao sa mga sinabi ni Direk Eman.

PAO

Yeah, kaso lang maraming facets of truth ang gusto kong pasokin, eh. And right now, I just can't make up my mind.

DIREK EMAN

And that's the point of this conversation! Tutulungan ka namin to decide.

BOYET

Beer! Isa pa!

PAO

Sandali! May sinulat akong logline last time...

Kukunin ni Pao ang kanyang cell phone. Mabibigla siya na meron nang ilang missed call galing kay Maring at Aila.

Dalidali siyang aalis.

PAO

Send ko na lang sa ‘yo direk! pasensiya na!

INT. APARTELLE - DAY

Papasok si PAO sa loob ng bahay at madadatnan ang malakas na iyak ni Nonoy. Nilalagyan ng bandage ni Aila ang braso ni Nonoy. Nagma-mop naman si Maring ng sahig.

PAO

Anong nangyari?

Hindi man lang titingin si Aila, o sasagot sa tanong niya. Ipagpapatuloy lamang ni Aila ang ginagawa niya.

Kukuha si Maring ng plastic bag at isasalin niya ang mga basag na baso na nakaipon sa dust pa. Duguan ang dust pan.

MARING

(nervously)

Sabi mo doon lang ako sa baba,
di ba?

PAO

Oo. Sorry, ako na bahala.

MARING

(to AILA)

Aila, aalis na ako.

AILA

Sige, thank you, Maring.

Lalabas si Maring.

Lalapit si Pao sa mag-ina. Tatangkaing hawakan ni Pao si Nonoy ngunit tatabigin ni Aila ang kamay niya. Tatangkain niya ring hawakan si Aila ngunit iiwas ito sa kanya.

Bubuhatin ni Aila ang bata at papasok sila sa kwarto ni Nonoy. Ila-lock ni Aila ang pinto kaya hindi makakasunod si Pao sa kanila.

PAO

Aila, buksan mo ang pinto.

Maririnig ni Pao ang hikbi ng kanyang kinakasama.

Pupunta si Pao sa sala at uupo sa sofa. Ipapatong niya ang kanyang cell phone sa mesa. Mapapaisip siya.

Mayamaya, iilaw ang cellphone niya. May pumasok na message.

DIREK EMAN

(text)

Pre! Ganda ng logline mo!

Naedit ko lang ng konte kasi

mahaba:

DIREK EMAN (CONT'D)

(text)

"A young, unmarried couple must agree on certain terms as to how to raise their son with Autism Spectrum Disorder (ASD), if they wish to keep their relationship afloat. Or would they rather heed the call of their unfulfilled dreams?"

Itatapon Ni Pao ang kanyang cellphone.

INT. TAXI - NIGHT

Hindi magkikibuan sina Pao at Aila sa loob ng taxi. Pormal ang kanilang pananamit. Pati si Nonoy ay naka polo shirt at long pants.

INT. GRACE'S HOUSE - NIGHT

Papasok sila sa isang eksklusibong subdivision at paparada sa harap ng isang magarang bahay. Sasalubungin sila Lenor. Mukhang may

party sa bahay ni Leonor. Maraming mga bisita.

LEONOR

Hello! Welcome to my new house! Pasok kayo!

May dumarating pang ibang bisita kaya dederetso sila sa loob.

Isang magarbong buffet ang sasalubong sa kanila, pero mas mapapansin nila ang isang sulok na may mga batang naglalaro. Isa itong kiddie hall na puno ng playground paraphernalia.

May iilang mga special children ang naglalaro kasama na si Milo, na apo ni Leonor. May mga yaya ring nagbabantay, ang iba ay nakaupo sa ilang mesa sa lobby at kumakain. Halos lahat ng mga yaya ay tutok sa mga batang alaga nila, o di kaya ay nakatunganga sa cellphone nila.

Agad namang mamamangha si Nonoy sa mga magagarang laruan at dali-daling pupunta sa isang trampaulin at maglalaro.

Magse-setup ang waiter ng mesa malapit sa playroom at aanyayahan sina Pao at Aila na doon maupo para kumain.

Kakain silang dalawa habang pinagmamasdan ang bata. Paminsanminsan ay aanyayahan din nila si Nonoy na lumapit sa kanila para kumain din. Walang ganang kumain ang bata. Mas gusto niyang maglaro.

Tahimik pa rin sina Pao at Aila na pagmamasdan ang bata. Mayamaya ay magpapaalam si Aila kay Pao.

AILA

Pwede bang maglibot muna,
sandali?

Tatango si Pao. Aalis si Aila.

Titingintingin din sa Pao sa paligid at marami siyang makikitang bagay na kinahihiligan niya. Tatayo siya at sisiyasatin ang mga bagay malapit sa kanya. Mayamaya ay medyo mapapalayo na siya.

Aliw na aliw si Nonoy sa mga pinaglalaruan niya pero mapapalapit siya sa glass window at makikita niya ang tanawin sa labas. Malapad ang paligid, maaliwalas, luntian.

Babalik si Aila sa playroom at hahanapin si Nonoy at Pao. makikita niya

si Pao na nanonood ng ilang bagay sa isang shelf. Lalapitan siya ni Aila.

AILA

Asan si Nonoy?

PAO

Andiyan lang sa playroom.

Iiling sa Aila.

Pupuntahan nila ang playroom at hindi nila makikita si Nonoy. Tatanongin nila ang ilang yaya, ngunit walang may nakakaalam.

Maglilibot sila sa parte ng bahay na pwede nilang pasokin ngunit hindi pa rin nila makita ang bata, hangga't ipapaalam na nila kay Leonor na nawawala si Nonoy.

Tatawag si Leonor ng ilang katulong para tumulong sa paghahanap sa bata ngunit, wala pa rin silang makitang Nonoy sa loob ng bahay.

Stressed na rin pati si Leonor at alam ni Pao at Aila na nakakaabla na sila sa party ng kanilang host.

PAO

Mam, baka ho, nakalabas ng bahay, baka pwede na lang po muna kaming lumabas, para mahanap namin?

LEONOR

Pwede. Yung mga katulong ang maghahanap dito sa loob. Teka, tatawag ako ng security ng subdivision.

EXT. SUBDIVISION - DUSK

Maghahanap sila sa labas ng bahay ni Leonor kasama ang isang SECURITY. Maiiba ng landas ang Security at mapapaiwan sina PAO at AILA sa isang banda.

AILA

Bakit mo ba siya pinabayaan, Pao?

PAO

Hindi ako nagpabaya. Sino ba namang mag-aakala na aalis siya doon? Eh puro laruan iyon, gusto niya yon.

AILA

Pagod na pagod na ako sa ‘yo, Pao. hindi ko na kayang sabayan ang gusto mong mangyari.

Hindi sasagot si PAO.

AILA (CONT’D)

Pagkatapos nito, Pao, uuwi na talaga kami ni Nonoy sa amin.

PAO

Pwede bang huwag muna nating pag-usapan iyan?

AILA

Eh kelan pa tayo mag-uusap?

Eh, iniiwasan na nga natin ang
mga pagkakataon para mag-
usap.

Maglalakad si PAO para magpatuloy sa paghahanap kay NONOY.

AILA (CONT'D)

Aminin na natin, masyado pa
tayong attached sa mga
pangarap natin, Pao. Kita ko
naman na gusto mo pa ring
bumalik sa filmmaking eh.

Mapapatigil si PAO.

PAO

Eh, sigurado ka bang maaabot
natin mga pangarap natin kung
uuwi ka kay mama mo?

AILA

With mama, at least alam ko,
hindi tayo mahihirapan sa

pagprovide ng mga kailangan ng
bata.

PAO

Baka nakalimutan mo ang rason kung bakit tayo lumayo kay mama mo.

AILA

Kalimutan na natin yon, Pao. andito naman tayo para siguradohing...

PAO

ipapa-abort ng mama mo ang anak natin, Aila! Gusto niyang patayin ang anak natin! At ngayon babalik ka doon? Paano mo malilimutan yon!?

Mabibigla si Aila sa sinabi ni PAO. Iiyak siya.

EXT. SUBDIVISION – DUSK.

Makikitang masayang naglalakad si Nonoy sa isang mababang borol sa loob ng sndivision. Manghang-manga siya sa bakanteng espasyo dahil malapad, luntian, hindi masikip katulad ng bahay nila.

Lulundag at tatalon talon siya, hihiga at magpapaikot-ikot sa taas ng burol. Hahaplosin niya ang mga damo at hindi pa kontento, ay huhubarin niya ang kanyang damit at maglalaro uli ng hubo't hubad.

Mayamaya ay mapapansin niya ang swimming pool. Maeexcite siya at tatakbo siya papunta ng pool at walang pag-aalinlangang lulundag sa tubig.

INT. SWIMMING POOL - DUSK

Hindi niya alam na malalim ang tubig, at dere-deretso siya papunting ilalim. Mamatyagan niya ang tubig na nakapalibot sa kanya. Susubukan niyang huminga pero mahihirapan siya. Magpupumiglas siya sa ilalim ng tubig.

EXT. SUBDIVISION - DUSK

Nakatayo si Pao at Aila sa gilid ng kalsada at nakatanaw sa malayo.

Umiiyak pa rin si Aila.

AILA

God, we’re so fucked up, Pao.
Hindi pa nga siguro tayo ready
para dito.

PAO

Gusto ko lang namang happy
siya.

AILA

What if... what if, tuluyan siyang
mawala? Anong mangyayari sa
atin, Pao?

PAO

Please, huwag ka munang mag-
isip ng ganyan?

AILA

Papano kung sinunod ko si
mama, at pinalaglag ko siya?

Gumanda ba buhay natin?

Mabibigla si Pao.

AILA (CONT'D)

Worth ba ang buhay niya kapalit
sa mga sariling pangarap
natin?

Mapipigilan si Aila.

AILA

O talaga bang nailabas natin
siyang buhay, Pao? Buhay ba
ang anak natin, Pao?

Makakaramdam ng matinding takot si PAO.

PAO

Taman na!

Tatawagin sila ng security at dadalhin sa swimming pool.

Doon nila makikita si Nonoy na nakikipaghabulan ng langoy sa isang guard. Mahihirapan ang security sa pagpapaahon kay Nonoy dahil ayaw nitong sumama.

AILA

Nonooooy!

PAO

Nooooy! Hoy, halika, dito ka!

Wala pa ring ganang umalis ang bata sa pool kahit na nakita niya na ang nanay at tatay niya.

Makakaramdam ng malaking pagkainis si Pao kaya kukuha siya ng buwelo at biglang hahablotin niya ang bata palabas ng pool.

Makikita ni Aila ang biglaan at malakas na paghablot ni Pao sa bata palabas ng pool. Dahil sa pagkabigla, mapapahawak siya sa kanyang sinapupunan na para bang sa sarili niyang katawan hinablot si Nonoy.

Hindi pa kontento sa kanyang ginawa, kakaladkarin pa ni Pao si Nonoy palayo at malakas na itatapon ito sa damohan.

Mabibigla si Nonoy sa ginawa ng kanyang tatay. Hindi ito gagalaw na parang pinakikiramdaman at pilit na inuunawa ang kasalukuyang nangyayari.

Masasaksihan din ni Aila ang pagtapon ni Pao sa damohan kay Nonoy at mapapabagsak siya sa lupa habang hawak pa rin niya ang kanyang sinapupunan.

Unti-unting magsi-sink in sa kanya ang ginawa ni Pao kay Nonoy kaya tatayo si Aila, susugurin si Pao at sasampalin niya ito ng sobrang lakas.

AILA

Huwag mong gawin ‘yan sa anak ko!

Biglang mawawala ang poot sa dibdib ni Pao at mapapalitan ito ng sobrang pagkabigla. Magsi-sink in din sa kanya ang bigat ng dahas na kanyang ginawa.

Aatras palayo si Pao kay Aila at Nonoy, habang inaalalayan ng ina na tumayo ang bata para matabunan ito ng tuwalya at mailayo sa eksena.

Mula sa pagkatitig sa mag-ina, ibabaling ni Pao ang kanyang atensyon

sa dalawa niyang kamay na ngayon ay nanginginig. Mapapaluhod siya sa harap ng pool.

Ilololoblob ni PAO ang kanyang dalawang kamay sa pool. Mamula-mula ang kulay ng pool dahil sa color cast ng takipsilim.

EXT. APARTMENT BUILDING – NIGHT

Tahimik na naglalakad si Pao. pagod na pagod ang kanyang pagmumukha. Aakyat siya sa hagdaan. Pagdating sa pinto, magdadalawang-isip siya kung bubuksan niya ang pinto o hindi. Magmumunimuni muna siya bago niya tuluyang buksan ang pinto.

INT. APARTELLE - NIGHT

Bubuksan ni Pao ang pinto at papasok sa loob ng bahay. Naghihintay si Aila sa kanya sa isang madilim na sulok ng sala.

AILA

Pao, usap tayo.

Dahan-dahang isasara ni Pao ang Pinto.

INT.   NONOY'S BEDROOM – NIGHT

Tahimik na nakahiga sa Nonoy sa kanyang kama. Pinagmamasdan niya ang larawan ng kanyang nanay at tatay. Mayamaya ay babangon siya at lalapitan ang larawan. Tititigan niya ng maigi ang mga larawan at mapapngiti.

NONOY

Ta...ta...tatata...

tat...tat...tataaa...tat...tataaa.tataa

aay

FADE TO BLACK.